LUCAS AT JUAN

Course #9

Leader's Guide

Mahal na Bible Study Lider,

Ako ay lubos na masaya dahil sa pribilehiyo na simulan ang pag-aaral sa Bagong Tipan at buhay, ministeryo, at mga milagro ng ating Panginoon at Tagapagligtas kasama mo. Kung nakasama ka namin sa Lumang Tipan bilang lider ng grupo, nais kong malaman mo na lampas na tayo sa kalahati sa ating paglalakbay sa Biblia. Kung ngayon ka lang sumama sa amin, masaya ka naming tinatanggap sa tinatawag kong "Pinaka Mahusay na mga Aklat sa Biblia!"

Nagmasid na tayo sa 39 na aklat sa Lumang Tipan at ngayon susuriin natin ang 27 aklat sa Bagong Tipan sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga ito. Sa kursong ito magsisimula tayo sa pag-aaral sa apat na Ebanghelyo, na maghahamon sa atin na ibahagi ang Mabuting Balita ng Diyos. Lagi kong sinasabi na "Ito ang paborito kong aklat," o "Ito ang pinaka mahusay na aklat o bahagi ng Biblia." Sinasabi ko ito sapagkat espesyal ang mga ito kapag pinag-aaralan ko sila. Ngunit ngayon kapag tayo ay dumako sa Mateo, Marcos, Lucas, at Juan aking matapat, masigla, at mariing sinasabi ko na nasa puso na tayo ng Biblia. Maari kong sabihin ito sapagkat ang lahat sa Biblia ay tungkol kay Jesus, at ang maliliit na aklat na ito ay tungkol sa talambuhay ni Jesus. Ang Kanyang buhay—lahat ng sinabi niya at ginawa—ay ang pinaka mahalagang pahayag ng katotohanan na natanggap ng mundo (Juan 1:18).

Ipinapaalaala ko sa iyo na ang ginagawa natin ay praktikal at debosyonal na pagmamasid sa Bagong Tipan. Bibigyan lamang natin ng pansin ang mga susing talata. Ang dalangin ko na ang mga pag-aaral na ito ay makakatulong sa iyo at ang mga inaakay mo **na pumasok kayo sa Salita ng Diyos at ang Salita ng Diyos ay pumasok sa inyo na kapag nangyari ito ay posibleng mangyari ang kahanga-hanga at maka-milagrong bagay sa inyong mga puso**.

Napakahalaga na mag-aral tayo. Sinabi ni Pablo sa kanyang batang alagad na si Timoteo na "Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios, **manggagawang** walang anomang ikahihiya, na gumagamit nang matuwid na salita ng katotohanan" (2 Timoteo 2:15). Kung naintindihan natin ang salitang Griyego na ginamit ni Pablo dito ay "magsikap sa sarili, magsunog ng mga kilay sa pag-aaral." Nais kong hamunin ka na basahin at pagkatapos ay **pag-aaralan** lahat ang Bagong Tipan habang ginagawa natin ang pagmamasid sa bahaging ito ng Biblia.

Habang binabasa at inaakay ang iba sa mga Ebanghelyo at ang mga nalalabing aklat sa Bagong Tipan, nais nating hanapin ang debosyonal na gamit ng Mabuting Balita ng Diyos sa ating buhay. Habang itinuturo natin ang aralin na ito, nais kong itanong mo sa iyong sarili at sa iyong grupo ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos?
- Ano ang ibig sabihin ng talatang ito?
- Ano ang ibig sabihin nito sa akin? Sa mga inaakay? (Paggamit)
- Ano ang ibig sabihin nito sa Diyos? (Maka-Diyos na paningin)
- Saan ibang bahagi ng Biblia itinuturo ang katotohanan na ito? (Kaugnayan sa iba)

Sa ating pag-aaral dito, dalangin ko na lalago ka sa kaalaman kay Jesus higit sa dati pa at maipapakilala mo Siya sa iba na lubhang kailangan na maranasan ang Kanyang pag-ibig, biyaya at kapangyarihan sa buhay nila.

Pagpalain ka ng Diyos at gawin kang pagpapala sa iba habang ikaw ay nagiging manggagawa na hindi nahihiya sa luklukang paghatol ni Cristo dahil itinuturo mo nang tama ang Salita ng Diyos.

Dick Woodward
Pastor and author of the Mini-Bible College

PAMUMUNO SA GRUPO NG PAG-AARAL SA BIBLIA

Inihanda ng Mini Bible College ang debosyonal at praktikong pagmamasid sa pangunahing aklat ng Biblia. Ang iyong papel bilang guro ay akayin ang grupo sa mga sesyon ng pag-aaral at pagsasanay, upang tulungan silang maunawaan ang mga konsepto, madiskubre ang mga walang hanggang prinsipyo at pinaka-mahalaaga sa lahat, maipamuhay nila ito. Ang pag-aaral na ito ay aabot ng apat na buwan at dinisenyo ito na hindi lamang isang kurso. Ang pag-aaral na ito ay bahagi ng stratehiyang plano upang mabigyan ka ng mga kagamitan upang palusugin at palaguin ang iyong iglesia ng espirituwal at sa bilang.

Upang matulungan ka, binigyan ka namin ng mga magagamit mo:

- Ang Leader's Guide
- Ang Target Media Approach (TMA) manual
- Report Forms
- Audio of Genesis and Exodus
- A study booklet on Genesis and Exodus
- A Set of 10 workbooks

Ang Leader's Guide ay dinisenyo upang bigyan ka ng kakayahan na gawin ang trabaho.

PAGPAPANIMULA

Bago ang Klase

- "'Pumunta kayo sa mga lansangang matao at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.' Pumunta nga sa mga pangunahing lansangan ang mga lingkod at isinama nila ang lahat ng kanilang natagpuan, masasama't mababuti, at napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.'" (Mateo 22:9-10). Simulan ngayon na mag-imbita ng mga tao sa piging espiritual.
- Ihanda ang sarili sa panalangin para sa mga darating na tao. Kung posible, ipanalangin sila sa kanilang pangalan. Ang Diyos lamang ang makapagbabago ng kanilang puso at ang panalangin ay makapangyarihang gamit para dito. "Isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga upang ituro sa kanila na dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa" (Lucas 18:1).
- Humingi ng tulong. Huwag mong sikaping gawin ang lahat. Hingin ang tulong ng isa o dalawa para sa musika, awit, pagbati, at taga-pagtala para sa klase.
- Suriin ang aralin at unawain ang layunin ng aralin.
- Alaming mabuti ang bawat aralin; pakinggan, basahin at pag-aralan ang bawat aralin at isaulo ang talata sa Biblia bago magsimula ang klase.
- Siguruhin ang mga aralin ay laging handa para sa klase.
- Siguruhing ang lugar na pagdarausan ay sapat sa bilang ng mga tao at komportable para sa grupo.

Habang sa Klase

- Batiin ang bawat dumarating. (Tandaan na mabuti ang laging masaya kang tinatanggap? Palawigin ang pagtanggap ng Diyos sa lahat.) Mahalaga na magkaroon ng isang taga-pagbati.

- Ipakilala ang iba sa bawa't isa kung hindi pa magkakakilala.
- Magsimula sa pagsamba at panalangin, hingin sa Diyos na tulungan ka at ang bawat isa na maunawaan at isapamuhay ang aralin.
- Makinig sa audio lesson.
- Gamitin ang workbook, mag-anyaya ng talakayan na may kaugnayan sa pamumuhay. Naniniwala kami na ang mga katanungan ay maglalagay ng masiglang talakayan at unawa na magdudulot ng tamang pamumuhay. Kung masyadong malaki ang grupo hatiin sa maliliit na grupo. Tig-tatlo o tig-lima sa bawat grupo upang makahikayat ng talakayan. Siguruhing nababantayan mo ang oras at ingatan na ang pag-uusap ay hindi lumalayo sa aralin at pag-aaral ng Salita ng Diyos.
- Pasalamatan ang lahat sa kanilang pagdating at hikayating maging tapat sa pagdalo.
- Himukin ang bawat estudyante na mag-imbita ng iba na sumali sa pag-aaral ng Biblia.
- Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang mga talata sa mga aralin sa bawat linggo.

Pagakatapos ng Klase

- Lipulin ang mga araling materyales.
- Ibalik ang silid sa dating kaayusan. Mas maayos pa kaysa bago pa kayo nagsimula.
- Itala sa talaan ang report.
- Kung nagpulong kayo sa ibang bahay, siguruhing mapasalamatan ang may bahay sa kanilang pag-tanggap sa inyo.

Espesyal na tagubilin sa Pagtuturo sa mga Natututo sa Pandinig lamang

Napakahalaga na alalahanin na ang mga hindi makabasa at makapagsulat ay natututo at napapanatili nila ang mga impormasyon kakaiba sa mga marurunong. Ang mga nag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig ay natututo sa pamamagitan ng pakikinig at pagsasalita ng kanilang narinig. Ang di-marunong magbasa at magsulat ay hindi hadlang sa panahon ni Jesus. Makakatulong na alalahanin at sabihin sa klase halos ng mga disipulos at karamihan ng mga taong nagpapalaganap ng Ebanghelyo ay di-marunong magbasa at magsulat.

Sa maraming kapamaraanan, ang mga nag-aaral na gumagamit ng pandinig ay may kakayahan na matuto sa kanilang narinig higit doon sa mga nagsusulat upang maalala ang pinag-aralan. Kaya nga dapat hayaan ang mga estudyante na marinig ang Banal na Kasulatan at ang aralin, itigil ang mensahe at balikan ang bahagi na hindi pa naintindihan, at pagkatapos hayaan silang tumugon sa mga katanungan. Kapag ang mga nag-aaral na gumagamit lang ng kanilang pandinig ay "kayang balikan ang kuwento" – gamit ang sariling salita upang sabihin ang kanilang narinig at natutunan – ay nagsasabi na kanilang nakuha ng mabuti ang prinsipyo. Samakatuwid, gamitin ang mga katanungan sa aralin upang gabayin sila sa mas-malalim na pang-unawa sa Salita ng Diyos at tumibay ang relasyon sa Kanyang Anak, Jesus na siyang Cristo.

Ang Kaparaanan ng Mesiyas

Kabanata 1
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 19

Layunin: Upang ipakilala ang may akda, ang layunin, at pangunahing tema ng Ebanghelyo ni Lucas.

"Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, Sapagka't ako'y pinahiran niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha: Ako'y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, At sa mga bulag ang pagkakita, Upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi, Upang itanyag ang kaayaayang taon ng Panginoon."

—Lucas 4:18-19 (Isaias 61:1-2)

Natapos na nating pag-aralan ang Ebanghelyo ni Mateo at magpapatuloy tayo ngayon sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi natin pag-aaralan ang aklat ng Marcos dahil lahat ng makikita natin sa Marcos ay makikita sa tatlong Ebanghelyo. Ngayon ay magsisimula tayong mag-aral sa Ebanghelyo ni Lucas, taong may pinag-aralan, isang magagamot na sumamang maglakbay kay apostol Pablo at natutunan ang buhay ni Jesus mula sa maraming saksi na nakakita kay Jesus. Hindi siya isa sa labindalawang apostol at hindi rin siya Hudyo. Siya ay isang Griyego at ipinadala ang kanyang Ebanghelyo kay Teofilo—na ang ibig sabihin ay "nagmamahal sa Diyos"—isa rin siyang Griyego. Si Lucas ay likas na matalinong manunulat at siya ay nagsulat ng napaka ayos at tumpak na kasaysayan.

Ang Lucas ay paborito Ebanghelyo ng marami dahil inilarawan niya ang Mesiyas sa pagdidiin na si Jesus ay tao bilang Diyos-tao. Ipinapakita rito ang Kanyang pagmamahal at paano ibinilang ang Kanyang sarili na kaisa sa atin. Makikita natin sa buong Ebanghelyo ni Lucas ang tunay na pagkatao ni Jesus.

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay kakaiba. Marami sa pinaka-kilalang talinghaga ni Jesus, tulad ng kuwento ng Alibughang Anak at Mabuting Samaritano ay matatagpuan sa Lucas. Maraming sinabi si Lucas tungkol sa kapanganakan at pagkabata ni Jesus kaysa sa ibang manunulat ng Ebanghelyo. Binibigyan tayo ni Lucas ng maliwanag na larawan ni Jesu-Cristo na lubos na nagdaragdag ng maigi sa tala ng Anak ng Diyos at Anak ng Tao kung sino talaga Siya, gaya ng kung sino Siya ngayon. Binibigyan tayo ni Lucas ng manifesto ni Cristo—isang maliwanag na pahayag ng misyon Niya, ang susi sa ministeryo ng Mesiyas.

1. Tama o **Mali**? Si Lucas ay isa sa 12 alagad.

2. **Tama** o Mali? Hindi lang ang Ebanghelyo ni Lucas ang isinulat ni Lucas kundi isinulat din niya ang Mga Gawa.

3. Tama o **Mali**? Si Lucas ay walang pinag-aralan at sa kanyang mga isinulat makikita na hindi tumpak ang sinasabi niya sa kasaysayan.

4. Tama o **Mali**? Sinabi ni Jesus sa kanyang "manifesto" na dumating Siya upang ipangaral ang mabuting balita sa mga mahihirap, iligtas ang mga bihag, magbigay paningin sa mga bulag, ngunit hindi naman talaga Niya isinagawa ang mga ito.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Itugma ang mga sumusunod na ebanghelyo sa tamang pagdidiin tungkol kay Jesus.

a. Mateo **(3)**	1. Si Jesus bilang lingkod
b. Marcos **(1)**	2. Si Jesus bilang Diyos
c. Lucas **(4)**	3. Si Jesus bilang Hari
d. Juan **(2)**	4. Si Jesus bilang tao

6. Anong ibang aspeto sa ministeyo ni Jesus' ang binibigyang diin ni Lucas? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Kahatulan
   b. Pagpapagaling
   c. Pagmamalasakit sa lipunan
   d. Mahabang sermon
   e. Ang Banal na Espiritu

7. Anong Espiritu mayroon si Jesus upang gumawa?
    a. Upang magpagaling, mangaral, at palayain ang mga tao
    b. Upang mapagbuti ang kita at pamumuhay ng mga tao
    c. Upang mapalaya ang mga bihag sa pulitiko
    d. Upang magsimula ng paghihimagsik

8. Paano tumugon si Jesus sa taong ibinaba ng mga kaibigan niya upang makita si Jesus?
    a. Sinaway sila sa pagsira sa bubong.
    b. Sinabihan sila na maghintay sa kanilang takdang oras.
    c. Pinatawad ang kasalanan ng tao at pinagaling siya.
    d. Sinabihan sila na magsisi muna, pagkatapos titingnan niya kung puwede siyang pagalingin.

9. Bakit pinagaling ni Jesus ang taong ibinaba mula sa bubong?
    a. Upang ipakita na tunay siyang nagmamalasakit at nais pagalinging ang lahat
    b. Upang patunayan sa mga kaibigan na ginawa nila ang tama
    c. So totoo lang, ipinamukha lang Niya na ito ay milagro; hindi naman paralitiko ang tao
    d. Upang patunayan na Siya ay Diyos at mayroong kapangyarihan na magpatawad ng kasalanan

Anong aspeto ng ministeryo ni Jesus—ang Kanyang pagpapagaling, pangangaral, at pagpapalaya sa mga tao—na higit mong naranasan ngayon? Mayroong bang bagay at lugar na dapat palayain ka ng Diyos? Mayroong bang bahagi ng iyong buhay na dapat kang mapagaling? Mayroon bang aspeto ng kalooban ng Diyos at pamamaraan na dapat mong matutunan? Kung totoo, ano ito?

_____

_____

_____

Ngayon, mayroon bang tao na kailangan mong maging kaibigan at dalhin ng buong pagmamahal kay Jesus? Sino?

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang maipamalas ang Kanyang pagmamahal sa mga tao at palayain sila sa pagkaalipin sa kasalanan, karamdaman, at kadiliman. Hingin ang tulong Niya upang maunawaan mo Siya ng mabuti sa pamamagitan ng pag-aaral sa Lucas at Juan. At saka hingin kay Jesus na ipagkaloob ang iyong pangangailangan ayon sa Kanyang kalooban at tulungan kang mapunan ang pangangailangan ng iba sa Kanyang pangalan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Pagkatapos ideklara ni Jesus ang Kanyang manifesto (Luke 4:18), paano pinatunayan ni Jesus ang Kanyang manifesto sa Lucas 5?

2. Sa anong paraan Niya isinagawa ang Kanyang manifesto, at sino ang mahihirap na kung saan pinangaral Niya ang Mabuting Balita?

3. Sa paanong paraan Niya hinamon ang iba na sumali sa Kanya sa pagsasakatuparan ng Kanyang manifesto?

4. Paano isinasalarawan ng konteksto sa ibinigay na diskurso ni Jesus tungkol sa nawawalang mga bagay sa kabanatang 15 ang Kanyang paghamon sa mga tao na sumama sa pagsasakatuparan ng Kanyang manifesto?

5. Paano naging positibong paglalarawan ang Talinghaga ng Tusong Katiwala (Lucas 16) sa iba na tanggapin ang Kanyang paanyaya na sumama sa Kanya sa pagsasakatuparan ng Kanyang manifesto?

6. Paano naging negatibong larawan ng parehong katotohanan ang kuwento tungkol sa Mayaman at si Lazaro?

7. Sa paanong paraan naipakita ni Lucas ang pagkatao ni Jesus, na Siya ay totoong Tao at Diyos din naman?

Mamamalakaya ng Tao

Kabanata 2
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 20

Layunin: Upang palawakin ang pagsisiyasat sa Ebanghelyo ni Lucas, upang maunawaan ang paanyaya ni Jesus na makiisa sa Kanya sa ministeryo, at maunawaan ang tatlong talinghaga sa Lucas 15.

Sinabi ni Jesus kay Simon, "Huwag ka nang matakot. Mula ngayo'y mga tao na, sa halip na mga isda, ang iyong huhulihin." Nang maitabi na nila ang mga bangka sa pampang, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus.

—Lucas 5:10-11

"Makipagsaya kayo sa akin dahil nakita ko na ang tupa kong nawawala!' Sinasabi ko sa inyo, magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang tumatalikod sa kasalanan kaysa siyamnapu't siyam na matuwid na di nangangailangang magsisi."

—Lucas 15:6-7

Ipinahayag ni Jesus ang Kanyang misyon sa kabanatang apat, pinatunayan Niya ito sa kabanatang 5, at isinagawa Niya ang Kanyang misyon sa nalalabing bahagi ng Lucas. Walang tigil sa pagtuturo at pagsasanay si Jesus sa Kanyang mga alagad at sa paghamon sa iba na makilahok sa Kanya at Kanyang misyon. Ang unang maliwanag na halimbawa nito ay ang pagtawag Niya kay Simon, na tinatawag na Pedro, at sinabihan siya na sumunod at maging "mamamalakaya ng tao." Nagtuturo si Jesus sa pampang at ginagamit Niya ang bangka ni Pedro bilang tuntungan. Pagkatapos Niyang mangaral, sinabihan si Pedro na ilusong ang kanyang bangka sa malalim na tubig at ilatag ang kanyang lambat—bagama't magdamag na nangisda na si Pedro at walang nakuha. Nang sumunod si Pedro at nakita na napuno ang kanyang lambat, napagtanto niya na ang tunay na mangingisda ay si Jesus—na kayang maabot si Jesus anumang paraan sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod.

Inilarawan ni Jesus ang Kanyang misyon sa tatlong talinghaga sa Lucas 15 tungkol sa paghahanap at pagliligtas ng mga tao. Bilang pastol, hinahanap ang mga nawawalang tupa, ang babae na naghahanap sa nawawalang barya, at ang ama na naghahanap sa kanyang nawawalang anak. Dumating si Jesus upang iligtas ang mga makasalanan at dalhin sila sa Kanyang kaharian. Inaanyayahan ang bawat isa na makiisa sa Kanyang misyon at ibahagi ang Kanyang mabuting balita sa mga naligaw nang landas.

1. Tama o **Mali**? Hindi kailangan ni Jesus na makiisa ang mga tao sa Kanyang misyon. Kailangan gawin Niya itong mag-isa.

2. Tama o **Mali**? Pinili ni Jesus si Pedro upang sundin Siya dahil si Pedro ay lubos na akma sa gawain at ganap na ang pagka-espirituwal niya.

3. **Tama** o Mali? Kapag tinangka nating mag-akay ng isa kay Cristo, ginagawa natin ang isang imposibleng bagay na magagawa ng tao sa kanyang sarili.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Anong uri ng ministeryo ang nais na maisakatuparan ni Jesus sa pamamagitan natin?
    - **a. Parehong ministeryo na ginawa Niya sa lupa**
    - b. Ang makakaya lamang ng tao
    - c. Magturo lamang sa mga tao, hindi para pagalingin o palayain ang mga tao
    - d. Wala ni isa sa itaas

5. Bakit nakakuha ng isda si Pedro pagkatapos sabihan siya ni Jesus?
    - a. Dahil siya ay bihasa sa pangingisda at hindi pa nangisda na walang nakuha
    - b. Dahil sa kanyang kaalaman sa dagat at daloy nito
    - c. Dahil hindi siya sumuko, kahit na napagod na siya
    - **d. Dahil kasama niya si Jesus**

6. Paano tayo napupuspos ng Espiritu ng Diyos?
    - a. Sa pag-aayuno at pagninilay sa loob ng 40 araw
    - **b. Sa pagpayag na ang Diyos ang lubos na manguna sa ating buhay**
    - c. Sa pagsasaulo ng sapat na bilang ng mga talata upang mabigkas natin sa oras ng pangangailangan
    - d. Sa pagiging walang sala sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan

7. Nang si Jesus ay sumakay sa bangka ni Pedro, inilalarawan ang ating buhay na puspos ng Espiritu. Anong ibig sabihin ng mapuspos ng Espiritu?
    a. Makakakuha tayo ng maraming tao.
    b. Makakapagsalita tayo sa ibang wika.
    c. Makakagawa tayo ng milagro.
    d. Pinangungunahan tayo ng Banal na Espiritu

8. Ano ang tingin ng Diyos sa mga makasalanan?
    a. Mga kaaway
    b. Mga taong walang pag-asang matubos
    c. Mga tupang ligaw
    d. Mga taong naging walang halaga sa Kanyang kaharian

9. Bakit marami sa mga lider ng relihiyon ay hindi nagustuhang makita si Jesus na kumakain kasama ang mga makasalanan?
    a. Sila ay nagmamalasakit sa Kanyang reputasyon.
    b. Sila ay nagmamalasakit sa Kanyang kaligtasan.
    c. Sila ay nainggit dahil hindi sila naimbita sa fiesta.
    d. Hindi nila naintindihan ang Kanyang misyon na hanapin ang mga nawawala.

10. Sino ang binigyan ng kapangyarihan ni Jesus na gumagawa sa ministeryo?
    a. Lahat ng nananampalataya sa Kanya
    b. Yun lamang naordinahan na maging pari at ministro
    c. Yun lamang may tamang edukasyon
    d. Yun lamang matuwid na tumupad sa lahat ng kautusan ng Diyos

11. Anong mga katotohanan ang dapat matutunan ni Pedro? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Hindi ako mamamalakaya ng tao, ngunit si Jesus ay
    b. Hindi ko kayang mamingwit ng tao, ngunit kaya ni Jesus
    c. Ni hindi ko gustong mamamalakaya ng tao, ngunit nais ni Jesus na gawin ko
    d. Hindi ako nakabingwit ng tao, ngunit nagawa ni Jesus dahil si Jesus ay nasa akin

Sa anong mga paraan nagministeryo sa iyo ang mga tagasunod ni Jesus? Sa paanong paraan ka maaaring magministeryo sa iba? Tumatawag at naghahanap pa rin si Jesus ng mga nawawala; ikaw ba ay natagpuan na ni Jesus?

_____

_____

_____

_____

Natutunan mo na ba ang apat na katotohanang natutunan ni Pedro? Tumatawag pa rin si Jesus sa atin na sumama sa Kanya upang manghuli ng mga tao. Hahayaan mo ba siyang tumuntong sa iyong "bangka"—iyong buhay?

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang hanapin at iligtas ang mga nawawala. Hingin na gabayan ka sa iyong pagnanais na samahan Siya sa kanyang misyon at bigyan ka ng pagkakataon na ibahagi ang Kanyang mabuting balita sa iba.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ayon sa natala sa Lucas 5:1-11, bakit sinabi ni Jesus kay Pedro na huwag siyang matakot dahil mula ngayon ay mamamalakaya siya ng mga tao?

2. Ano ang ikinatakot ni Pedro, at bakit sinabi niya kay Jesus na lumayo sa kanya?

3. Paano mo maiuugnay ang kuwentong ito sa Lucas 5:1-11 sa Mateo 4:19, at saka sa pamilyar na mga talata 19 at 20 sa ikatlong kabanata ng aklat ng Pahayag?

4. Sa anong paraan ang salita ni Jesus kay Pedro, “mamamalakaya ng tao,” ay isang maikling salin ng Dakilang Komisyon, na ibinigay sa bawat dulo ng mga ebanghelyo at sa panimula ng aklat ng mga Gawa?

5. Ano ang apat na prinsipyong espirituwal ang dapat matutunan ni Pedro bago siya maging mamamalakaya ng mga tao at hindi lang ng isda?

6. Natutunan mo na ba o natutunan mo ngayon mismo ang apat na prinsipyong espirituwal?

7. Kung natatandaan mo na dumating si Jesus upang magministeryo sa mga bulag, mga alipin, at mga basag na puso na Siya mismo ay may katawang sarili, paano sa isip mo na nais ka Niyang magministeryo sa mga tao sa pamamagitan mo, ako at ang lahat ng nasa katawan Niya ngayon?

Ang Mayaman, Ang Mahirap
Ang Pulubi, at Ang Magnanakaw

Kabanata 3
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 21

Layunin: Upang lalo pang maunawaan ang Ebanghelyo ni Lucas, ang manifesto ng Mesiyas, at ang dalawang talinghaga tungkol sa mayamang tao sa Lucas 16.

"Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaking bagay; ang mandaraya sa maliit na bagay ay mandaraya rin sa malaking bagay. Kaya kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa mga kayamanan ng mundong ito, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan? At kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng talagang para sa inyo? "Walang aliping maaaring maglingkod ng sabay sa dalawang panginoon sapagkat kamumuhian niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi kayo maaaring maglingkod ng sabay sa Diyos at sa kayamanan."

—Lucas 16:10-13

Nagturo ng dalawang talinghaga tungkol sa taong mayaman si Jesus sa Lucas 16 na karaniwan ay hindi nauunawaan. Ang mga talinghagang ito ay dapat makita sa konteksto ng mga talinghaga tungkol sa mga nawalang bagay sa kabanatang 15. Pinatungkol ni Jesus ang mga talinghagang ito sa mga alagad, ngunit maliwanag na inilaan din niya ang mga kuwentong ito para sa mga Pariseo din naman. Ang unang talinghaga na kilala sa "Ang Talinghaga ng Tusong Katiwala," ay mukhang negatibo ang inilalarawan, ngunit sa totoo lang, ito ay positibong pahayag tungkol sa pagsali sa misyon ni Cristo, ang manifesto ng Nazareth. Ang pangalawang kuwento, "Ang Mayaman at si Lazaro," ay isang negatibong pahayag tungkol sa isang tao na kabaligtaran mismo ng mga taong nais makasama sa misyon ni Jesus.

Mayroong dalawang pang-personal na gamit ang mga talinghagang ito. Una, matututo tayo na habang narito tayo sa buhay na ito, tayo ay katiwala o tagapamahala lamang ng lahat ng ipinagkaloob sa atin ng Diyos at dapat gamitin ng may karunungan sa walang hanggan ang mga ito. Pangalawa, ang mga talinghagang ito ay nagtuturo sa atin na tingnan lahat ng mga nakakasalamuha natin na parang bulag, alipin, at mga basag na mga tao na si Jesus ay dumating para sa kanila. Dapat nating makita ang mga tao sa mundong ito bilang mga nawawalang mga tupa, barya, at mga anak. Tulad ni Lazaro na nakahiga sa pintuan ng mayamang tao, ang mga taong ligaw ay nakahiga sa pintuan ng Iglesia. Kung mapagtanto natin na si Cristong nakatira sa atin ay nagnanais na abutin ang mga taong ito sa pamamagitan natin, maaari tayong maging kabahagi sa Kanyang solusyon at tumugon sa kanilang pangangailangan sa buhay na ito at sa walang hanggan.

1. Tama o **Mali**? Inaasahan ni Jesus na ibigay lamang natin sa Kanya ang sampung porsyento ng ating buhay. Ang ibang bahagi ay tayo ang bahala.

2. Tama o **Mali**? Itinuro ni Jesus na upang maging epektibong katiwala, kinakailangan tayong mandaya sa ibang tao.

3. **Tama** o Mali? Nais ng Diyos na magplano tayo ng mabuti para sa ating hinaharap, hindi lamang dito sa buhay na ito kundi pati sa walang hanggan.

4. Tama o **Mali**? Itinuro ni Jesus na ang kayamanan ay masama at ang kanyang mga tagasunod ay dapat ipamigay lahat ng mga ito.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Noong nagtuturo si Jesus tungkol sa pagiging katiwala, anong aspeto ng buhay natin ang kanyang tinutukoy?
   a. Sampung porsyento ng ating pera
   b. Sampung porsyento ng lahat ng ating pag-aari
   c. Lahat ng pera, talento, at oras na di inilalaan para Kanya at sa iglesia
   d. Lahat ng mga ito—lahat ng bagay na ibinigay sa atin ng Diyos

6. Bakit dapat tayong maging matalino sa paggamit ng mga pinansiyal pagkakataon?
   a. Upang maging karapatdapat tayo sa langit
   b. Upang maligtas hindi lamang ang ating sarili kundi ang iba din
   c. Upang ang langit, ang walang hanggang tirahan natin, ay maging katanggap-tanggap na karanasan
   d. Upang yumaman tayo

7. Ano ang pinangako ng Diyos sa atin kapag tayo ay naging tapat sa maliliit na bagay tulad ng pera?
    a. Ipinangako Niya na magiging mayaman tayo at masaya.
    b. Ipinangako Niya na iingatan tayo mula sa walang hustisya at kasamaan.
    c. Ipinangako Niya ang maraming gantimpala dito at sa langit
    d. Ipinangako Niya na pagtitiwalaan tayo ng tunay na kayamanan, espirituwal na kayaman.

8. Paano mo malalaman kung Panginoon mo ang pera?
    a. Nag-aalala ka sa mga ito at gumugugol ka ng maraming panahon para sa pag-aari mo.
    b. Hindi mo ginagawa ang dapat mong gawin kundi ang kumita lang ng pera
    c. Nahihirapan kang magbigay ng pera
    d. Lahat ng nasa itaas

9. Ano ang itinuturo ng talinghaga tungkol sa mayamang tao at si Lazaro?
    a. Sa impyerno ang kahihinatnan ng mayayamang tao at sa langit naman ang mahihirap.
    b. Ang makibahagi sa "manifesto" ni Jesus ay nangangailangan ng malaking pagmamahal sa mga tao.
    c. Posible na maligtas pagkatapos mamatay.
    d. Wala tayong maaalala sa buhay na ito pagdating sa walang hanggan.

10. Anong pamamaraan sa buhay ang inerekomenda ni Jesus sa Kanyang talinghaga tungkol sa Mabuting Samaritano?
    a. Ang akin ay akin, at ang sa iyo ay sa iyo.
    b. Ang akin ay akin, at ang sa iyo ay sa akin din.
    c. Ang akin ay sa iyo, at ang sa iyo ay akin.
    d. Ang sa iyo ay sa iyo, at ang sa akin ay sa iyo kapag ito ay kailangan mo.

11. Kung susundin natin ang halimbawa ni Jesus, anong uri ng pagka-habag ang kailangan natin para sa mga tao?
    a. Espirituwal na pagkahabag lamang—ipapanalangin natin sila.
    b. Pisikal na pagkahabag lamang—ibibigay natin ang pisikal na kailangan nila.
    c. Lahat ng uri ng pagka-habag—gagawin natin ang ating makakaya upang mapunan ang pangangailangan ng iba.
    d. Wala—ang mga taong naghihirap ay dulot lamang ng kanilang kasalanan, at hindi natin dapat hadlangan ang proseso.

12. Alin sa mga sumusunod ang dapat mong pamahalaan ng matapat? *(piliin lahat ng akma)*

a. Ang iyong oras	e. Ang iyong edukasyon	i. Ang iyong posisyon
b. Ang iyong talento	f. Ang iyong trabaho	j. Ang iyong plano
c. Ang iyong kayamanan	g. Ang iyong damdamin	k. Ang iyong abilidad
d. Ang iyong pamilya	h. Ang iyong kalusugan	l. Ang iyong kaisipan

Ang salapi ay mahirap at mandarayang amo. Sa anong paraan mo hahayaan ang Diyos na maging Panginoon mo?

_____

_____

_____

_____

Sa anong paraan mo maipapakita ang iyong pagkaawa sa kapwa na nangangailangan? Sa paanong paraan ka kabahagi sa “manifesto” ni Jesus—ang Kanyang misyon na magturo, magpagaling, at magpalaya?

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa ipinakita niyang awa sa atin sa pamamagitan ng pagpuna sa ating pangangailangan at sa pagliligtas Niya sa atin sa kasalanan. Hingin na mapunan ano man ang pangangailangan mo sa kasalukuyan ayon sa Kanyang kalooban, at hingin na bigyan ka ng pagkakataon na maging kabahagi sa misyon ni Jesus at ministeryo, at ipakita ang awa sa iba na may pangangailangan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano magagamit ang pangunahin at mahalagang kahulugan ng salitang “katiwala” na ginamit ayon sa talinghagang Katiwalang Tiwali sa Lucas 16?

2. Sa paanong paraan na ang konseptong ito na inilarawan sa talinghaga ay magagamit hindi lamang sa larangan ng pera?

3. Ano ang mga kamangha-manghang kagamitan na sinabi ni Jesus sa kuwentong ito?

4. Ano ang “tunay na kayamanan” na sinabi ni Jesus na hindi maibibigay sa atin kung hindi tayo matapat na katiwala ng pera at ang lahat kung saan magagamit ang talinghagang ito?

5. Sino ang mga magiging kaibigan natin sa susunod na buhay sa pamamagitan ng mabuting katiwala sa pera sa buhay na ito?

6. Ang talinghaga bang ito ay nagtuturo na kasalanan ang maging mayaman, o itinuturo ang kabaligtaran? Ipaliwanag.

7. Ano ang pagkakaiba ng talinghagang ito sa kuwento ng Mayamang Tao at si Lazaro?

Kaisipang Pangpasko

Kabanata 4
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 22

Layunin: Upang maunawaan ang milagro ng unang Pasko—ang kapanganakan ni Jesus—at ihanda ang ating mga puso na tanggapin si Jesus sa muli Niyang pagbabalik.

"Doon ay may mga pastol na nasa parang at nagbabantay ng kanilang mga tupa nang gabing iyon. Lumapit at tumayo sa kalagitnaan nila ang isang anghel ng Panginoon at nagliwanag sa kapaligiran nila ang nakakasilaw na kaluwalhatian ng Panginoon. Ganoon na lamang ang kanilang pagkatakot. Ngunit sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang magandang balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon."

—Lucas 2:8-11

Ayon kay Lucas, nang ang Diyos ay bumagtas sa kasaysayan ng sangkatauhan at naging tao, inimbita Niya ang iilang mga tao na makilahok sa Kanyang dakilang milagro. Nagpadala siya ng anghel na magsasabi sa isang saserdote, Zacarias, at ang kanyang asawa, Elizabet, na magkakaroon sila ng anak na maghahanda sa daan ng Mesiyas. Nagpadala siya ng anghel upang sabihin sa isang dalaga na ang pangalan ay Maria, isang birhen, na siyang magsisilang sa Mesiyas. At sa gabi na isinilang si Jesus, nagpadala ng anghel ang Diyos upang sabihin sa mga pastol na humayo at bisitahin ang bagong panganak na Hari. Naranasan ng mga taong ito ang milagro, isang pinadakilang pangyayari sa kasaysayan ng tao. Ang milagro ng Pasko ay ang Diyos na nagkatawang tao upang dalhin ang kaligtasan sa tao.

Ang Luma at Bagong Tipan ay nagsasabi na muling babagtas na pisikal si Jesus sa kasaysayan ng tao sa isa na namang milagro, ito ang Pangalawang Pagdating ni Jesu-Cristo. Tulad ng unang Pasko na ang tanging pag-asa ay ang kaligtasan, ang Muli Niyang Pagdating ay ang mapalad na pag-asa ng Iglesia at tanging pag-asa ng mundo. Dapat nating sundin ang halimbawa ng mga pastol at sabihin sa bawat isa itong Mabuting Balita bago pa natin ito makita sa ating sarili.

1. **Tama** o Mali? Si Juan Bautista ang huling propeta na nagbigay ng propesiya sa Mesiyas.

2. Tama o **Mali**? Noong marinig ni Zacarias ang anunsyo ng anghel Gabriel na si Juan ay ipapanganak, siya ay naniwala sa Diyos at lubos na nagalak.

3. **Tama** o Mali? Noong marinig ni Maria ang anunsyo ng anghel Gabriel na si Jesus ay ipapanganak, naniwala siya ngunit tuliro at nagtataka paano ito mangyayari.

4. Tama o **Mali**? Hindi tayo hinahayaan ng Diyos na magtanong sa anumang sasabihin Niya kundi inuutos Niya na kaagad maniwala na walang pangunawa.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang propesiya ng propeta sa Lumang Tipan tungkol kay Jesus?
    - **a. Kung saan Siya ipapanganak**
    - b. Kailan Siya ipapanganak
    - c. Paano Siya ipapanganak
    - d. Kanino Siya ipapanganak

6. Ayon sa mga anghel kanino inanunsyo ang kapanganakan ni Jesus sa mga pastol, para kanino ipinanganak si Jesus?
    - a. Hudyo
    - b. Sa mga may sakit at inaapi
    - c. Matutuwid na tao
    - **d. Sa bawat isa**

7. Ilan ang nakakaalam na si Jesus ay Mesiyas nang Siya ay ipinanganak?
    - a. Halos lahat sa Emperyo ng Roma
    - b. Lahat ng Hudyo, wala ng iba pa
    - **c. Kakaunting mga tao**
    - d. Ang Kanyang magulang lamang

8. Ano ang tanging pag-asa ng mundo?
    a. Ang kalikasan ng tao ay patuloy na nagiging mabuti.
    b. Ayon sa kasaysayan makakaya nating talunin ang mga problema kung tayo ay may pagkakaisa sa gawain.
    c. Ang siyensiya ay patuloy na nakakatuklas ng mahahalagang bagay upang mabawasan ang ating mga problema.
    d. Binibigyan tayo ni Jesus ng bagong buhay ngayon at darating Siyang muli isang araw.

9. Kailan muling darating si Jesus?
    a. Siya'y darating muli kapag ang bawat isa sa mundo ay naging Kristiyano na.
    b. Walang nakakaalam kahit isa, ngunit dapat lagi tayong handa.
    c. Halos lahat ng mga teolohiya ay nagkakasundo na darating Siya kaagad pagkatapos ng panahon ng matinding pagdurusa.
    d. Halos lahat ng mga teologo ay nagkakasundo na darating Siya kaagad bago ang panahon ng matinding pagdurusa.

10. Sinong mga tao sa kuwento ng Pasko ang magandang halimbawa na dapat nating sundin sa pagbabahagi sa iba tungkol sa mabuting balita?
    a. Zacarias
    b. Mga pastol
    c. Simon
    d. Maria

Iyo bang sinasabi sa iba ang tungkol sa pag-asa natin dahil sa Pasko? Handa ka ba kapag dumating na muli si Jesus? Bakit o bakit hindi? Ano ang maaari mong gawin upang maging handa sa Kanyang pagbabalik?

_____

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na pinagkalooban ang mundo ng pag-asa sa pamamagitan ni Jesus. Hingin sa Kanya na bigyan ka nang lakas ng loob na ibahagi sa iba ang ating pag-asa. Hingin sa Diyos na tulungan kang maging handa sa muling pagbabalik ni Jesus at maging matapang sa pagsabi sa ibang tao tungkol kay Jesus at ang una at pangawalawa Niyang pagdating.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ayon sa tamang mananalaysay na si Lucas, bakit sinabi ng Diyos ang magandang balita na ang milagro ng unang Pasko ay darating na, sa mga taong isinama Niya sa milagro ng unang Pasko.

2. Ano ang makikitang pangkaraniwan sa mga taong ito? Ano ang pagkakaiba ng mga pastol?

3. Paano natin magagamit ito sa maluwalhating katotohanan na ang Diyos ay muling babagtas sa kasaysayan sa pamamagitan ng muling pagbabalik ni Jesu-Cristo?

4. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang “Pasko noon,” ang “Paskong darating,” at ang “Pasko ngayon?”

5. Sa “Paskong darating,” tulad ka ba ni Zacarias, Maria, o ng mga pastol? Ipaliwanag ang iyong sagot.

6. Sa paanong paraan ang “Paskong darating” ang tanging pag-asa ng mundo?

7. Sa paanong paraan ang “Paskong darating” ay mapalad na pag-asa ng iglesia?

Kaisipang Kristiyano

Kabanata 5
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 23

Layunin: Upang maunawaan kung paano ang katuruan ni Jesus ay nagpapabago sa atin at matutunan natin paano mag-isip tulad ng mga tagasunod ni Jesus.

"Kaya't sinasabi ko sa iyo, malaki ang kanyang pagmamahal sapagkat maraming kasalanan ang pinatawad sa kanya; ngunit ang pinatawad ng kaunti ay kaunti rin lang ang nadaramang pagmamahal." At sinabi niya sa babae, "Pinatawad na ang iyong mga kasalanan."

—Lucas 7:47-48

"Mayroon namang binhing nalaglag sa matabang lupa. Ito'y sumibol, lumago at namunga ng tigsasandaang butil." At pagkatapos ay sinabi niya nang malakas, "Makinig ang may pandinig!"

—Lucas 8:8

"Kaya't sinasabi ko sa inyo, humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan. Sapagkat ang bawat humihingi ay tatanggap; ang bawat humahanap ay makakatagpo; at ang bawat kumakatok ay pagbubuksan."

—Lucas 11:9-10

Karamihan sa mga talinghaga ni Jesus ay nagtuturo sa atin paano ang tamang pamamaraan sa pagtugon sa Kanyang mga katuruan. Gumamit si Jesus ng mga pamilyar na talinghaga na mauunawaan ng mga tagapakinig dahil nakikita ito sa pang araw-araw na buhay upang ipakita na ang Kanyang mga katuruan ay hindi aakma sa kanilang kagustuhan o aayon sa katuruan ng lider sa relihiyon sa Kanyang panahon. Ang katotohanan, karamihan ng mga lider sa relihiyon ay tinanggihan ang Kanyang turo at tutol sa Kanyang gawain. Sa dami ng mga talinghaga at mga paglalarawan, tulad ng bagong alak sa bagong balat o bagong tela para tagpian ang bagong damit, ipinapakita ni Jesus paano makinig at sumunod sa Kanyang Salita. Ang layunin ng katuruan ni Jesus ay upang mabago ang ating isip, ating buhay, at mga pinapahalagahan natin.

1. Tama o **Mali**? Laging pinupuri at iginagalang ni Jesus sa Kanyang pagtuturo ang mga itinayo ng mga relihiyon.

2. **Tama** o Mali? Ang mga katuruan ni Jesus ay laging nagbibigay ng hamon sa atin upang magbago ang takbo ng isip natin at mga gawa natin.

3. **Tama** o Mali? Tinanggihan ni Jesus ang magkumpormiso sa Kanyang mensahe para lang mabigyan ng kasiyahan ang mga lider ng relihiyon.

4. **Tama** o Mali? Marami sa mga katuruan ni Jesus ay mahirap para sa atin na pakinggan at sundin.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Alin sa mga sumusunod na larawan na hindi ginamit ni Jesus na larawan sa Kanyang pagtuturo?
    a. Alak
    b. Isang sabsaban
    c. Binhi
    d. Retaso para sa damit

6. Bakit ang mga lider ng relihiyon ay palapintasin kay Juan Bautista at kay Jesus?
    a. Dahil si Juan at si Jesus ay hindi matuwid gaya ng mga lider sa relihiyon
    b. Dahil si Juan at si Jesus ay galing sa di kilalang mga pamilya
    c. Dahil si Juan at si Jesus ay nagtuturo ng hindi akma sa tinuturo ng mga lider sa relihiyon
    d. Dahil si Juan at si Jesus ay hindi kumakain ng parehong pagkain at hindi nakikinig ng parehong musika nila

7. Bakit ang babaing naghugas ng paa ni Jesus nang kanyang luha ay lubos na mahal Siya?
    a. **Alam niya pinatawad siya nang napakarami.**
    b. Nakasama niya ng matagal si Jesus at isa siya sa malapit na kaibigan ni Jesus.
    c. Alam niya na kapag nagparamdam siya ng sapat na pagmamahal ay maliligtas Siya.
    d. Nangako si Jesus sa kanya ng mataas na posisyon at maraming pag-aari.

8. Bakit kinampihan ni Jesus si Maria nang ang kanyang kapatid, na si Marta, ay sinaway si Maria na hindi tumutulong sa kanya?
    a. Natapos na ni Maria ang kanyang tungkulin at hindi na kailangan pang tulungan si Marta.
    b. Pinili ni Maria ang pinakamahalagang bagay, ito ay ang makinig kay Jesus.
    c. Inisip niya na uubusin lang ni Marta ang kanyang panahon sa hindi mahalagang bagay sa paglilingkod sa iba.
    d. Kahit na tama si Marta, nakakasakit ang sinabi niya kay Maria.

9. Anong uri ng tao ang mas mahalaga sa kaharian ng diyos?
    a. Mga taong tulad ni Maria
    b. Mga taong tulad ni Marta
    c. Ni isa ay hindi mahalaga—pareho silang kailangan

10. Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa pagtitiyaga sa panalangin?
    a. Dapat tayong matiyaga sa panalangin na may pananampalataya sapagkat tutugon ang Diyos.
    b. Mananalangin tayo ng iilang beses, ngunit kapag hindi tumugon ang Diyos sa loob ng isang linggo o dalawa, aasahan natin na sinagot tayo na hindi.
    c. Mananalangin lamang tayo ng minsan at maghintay sa Diyos.

Anong pagtugon ang nais ng Diyos kapag narinig natin ang Kanyang Salita? Nakita mo na ba na madaling tanggapin ang Kanyang Salita bilang katotohanan? Alin sa mga katuruan ni Jesus ang mahirap mong maintindihan?

_____

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita at sa katotohanang itinuturo sa atin. Hingin sa Diyos na tulungan ka na mag-ukol ng panahon sa Kanyang Salita at ilagay ang Kanyang Salita sa iyong puso, at tulungan ka na maging mabuting taga-pakinig at taga-sunod ng Kanyang Salita.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano natin magagamit sa ating sarili ang talinghaga ni Jesus tungkol sa turo Niya na bagong alak at ang isip natin bilang balat? (Lucas 5)

2. Saan mo mgagamit ang pagkakaiba ni Maria at Marta? (Lucas10)

3. Makapagbibigay ka ba ng halimbawa kung paano magagamit ang talinghaga ng kaibigan na bumisita sa kalagitnaan ng gabi? (Mapang-akit o paulit-ulit na parehong panalangin)

4. Paano mo magagamit sa buhay ang talinghaga tungkol sa mga bata na naglalaro sa lugar ng pamilihan? (Lucas 7)

5. Ano ang naisip mo na gamit sa iyo ng talinghaga ni Jesus tungkol sa dalawang tao na may pagkakautang, isa ay baon sa utang at ang isa naman ay maliit lang, nang ang parehong utang ay pinatawad? (Lucas 7)

6. Bakit kumampi si Jesus kay Maria noong si Marta ay nagreklamo na siya lamang ang gumagawa sa paghahanda sa kakainin nila sa pagbisita ni Jesus?

7. Ano ang pangunahing gamit ng halimbawa ni Maria/Marta sa iglesia ngayon habang iniuugnay mo ang tanong na ito sa unang eleksiyon ng diakono sa Bagong Tipan? (Mga Gawa 6)

Pagsisisi

Kabanata 6
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 24

Layunin: Upang maunawaan anong uri ng puso ang makakatanggap ng awa ng Diyos at matutunan ang itinuro ni Jesus tungkol sa pagsisisi.

"O Diyos, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!"... Sapagkat ang sinumang nagmamataas ay ibababâ at ang nagpapakumbabá ay itataas."

—Lucas 18:13-14

"Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw."

—Lucas 19:10

Nagsabi si Jesus ng napakadakilang talinghaga tungkol sa pagsisisi at sa tumatangging magsisi. Ipinakita ang tunay na pagsisisi nang makipag-ugnay Siya sa isang maniningil ng buwis. Ang talinghaga ay tungkol sa Pariseo at publikano—maniningil ng buwis—nananalangin sa templo. Ang Pariseo ay nakatuon sa kanyang sarili at ang kanyang sariling katuwiran, sa kabilang dako naman ang maniningil ng buwis ay nagpapakumbaba at nagmama-kaawa sa Diyos. Sinabi ni Jesus ang maniningil ng buwis ay naging matuwid sa harapan ng Diyos. Tanging ang makasalanang tao na nagsisisi ang nakakatanggap ng kapatawaran.

Nakatagpo ng isang maniningil ng buwis na nagsisisi si Jesus, na ang pangalan ay Zaqueo noong maglakbay Siya sa Jericho. Pagkatapos magpalipas ng isang araw kasama si Zaqueo, ang maniningil ng buwis ang nagpakita ng tunay na pagsisisi. Nagbago ang kanyang gawi at nangako na babayaran ang bawat isang dinaya niya. Dahil ang ginawa ni Zaqueo ay tunay na nagpapakita ng pagsisisi na galing sa puso, sinabi ni Jesus ang kaligtasan ay dumating sa kanyang buhay.

1. **Tama** o Mali? Ayon sa Biblia, ang mga taong gumugugol ng panahon sa paghahanda sa buhay sa lupa na hindi nag-iisip para sa walang hanggan ay mga hangal.

2. Tama o **Mali**? Ang kuwento tungkol kay Jesus at ang sampung pinagaling sa ketong—isa ang nagpasalamat at ang siyam ay hindi—ay nagtuturo na ang pasasalamat natin ay hindi mahalaga sa Diyos.

3. Tama o **Mali**? Nalulugod ang Diyos sa ating sariling katuwiran.

4. **Tama** o Mali? Ang pagpapakumbaba ay napakahalagang ugali sa ating relasyon sa Diyos at sa iba.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Sa talinghaga tungkol sa Pariseo at maniningil ng buwis, ano ang hiningi ng Pariseo?
    a. Kaligtasan
    b. Malapit na relasyon sa Diyos
    c. Marami pang kayamanan at katanyagan
    d. Wala—nagasalita lamang siya tungkol sa kanyang sarili.

6. Ano ang hiningi ng maniningil ng buwis?
    a. Katuwiran
    b. Tagumpay sa negosyo
    c. Awa
    d. Pagkakataon na maging Pariseo

7. Sino ang tinutukoy ni Jesus sa pagsabi ng talinghaga tungkol sa Pariseo at maniningil ng buwis?
    a. Ang mga nagtitiwala sa kanilang sariling katuwiran
    b. Ang mga nangangailangan na maging matuwid pa
    c. Ang ketongin na nagpasalamat sa Kanya
    d. Ang mga alagad lang

8. Sino ang pinawalang sala—nilinis sa kasalanan?
    a. Sinumang gumagawa ng sapat na mabuti
    b. Ang mga taong tinanggap lang sa iglesia
    c. Ang lahat ng nagpakumbaba at mapagsising puso at humingi sa Diyos ng awa
    d. Walang sinumang lubos na mapapawalang sala at malilinis sa kanyang kasalanan

9. Bakit galit ang mga tao kay Jesus sa pagpunta Niya sa bahay ni Zaqueo?
    a. Sapagkat si Zaqueo ay mandarayang maniningil ng buwis
    b. Sapagkat nais nilang magmadali si Jesus papunta sa Jerusalem
    c. Sapagkat may planong masama si Zaqueo laban sa mga lider ng mga Hudyo
    d. Sapagkat nangako si Jesus na magpapalipas ng isang araw kasama ang mga lider ng relihiyon at pagkatapos nagbago ang Kanyang isip

10. Ano ang ibig sabihin ng magsisi? *(piliin lahat ng akma)*
    - **a. Pagbabago ng isip**
    - **b. Pagbabago ng puso**
    - **c. Pagbabago ng gawa**
    - d. Idagdag si Jesus sa pananampalataya
    - **e. Tumalikod at pumunta sa ibang direksyon**
    - f. Mabuhay nang ganap na matuwid at huwag magkasala

Mayroon ka bang natutunan mula sa katuruan ni Jesus na nagdala sa iyo na kailangan mong magsisi? Ano ang dapat mong pagsisihan? Paano mababago ang iyong buhay kung nagsisi ka ayon sa kagustuhan ng Diyos?

_____

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang awa na nagpapawalang sala sa atin at naglilinis sa ating kasalanan sa pamamagitan ni Jesus at hindi nakadepende sa atin. Hingin sa Diyos ang lakas ng loob at pananampalataya na magsisi sa anumang bagay na ayaw ng Diyos sa buhay mo. Hingin ang tulong sa Diyos na maiwanan ang mga bagay na hindi akma sa Kanyang kalooban at punuin ang iyong buhay nang lahat ng mga bagay na ayon sa Kanyang kalooban.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ikumpara at tingnan ang pagkakaiba ng dalawang tao sa talinghaga ni Jesus tungkol sa Pariseo at ng publikano ayon sa pagkatala sa Lucas 18:9-14

2. Ikumpara at tingnan ang pagkakaiba nang panalangin ng dalawang taong ito.

3. Ano ang dalawang sinabi ni Jesus tungkol sa dalawang taong ito at sa dalawang panalangin?

4. Ipaliwanag ang posibleng kaugnayan nitong insidenteng ito at ang araw na pumunta si Jesus sa bahay ni Zaqueo, ayon sa natala sa susunod na kabanata.

5. Ikumpara at tingnan ang pagkakaiba nang pakikipanayam ni Jesus kay Zaqueo at pakikipanayam Niya sa mayamang batang pinuno, ayon sa natala sa Lucas 18:18-25. Ano ang pagkaka-pareho ng dalawang taong ito, at sa anong mataimtim na paraan sila magkaiba?

6. Sa anong paraan ang pangalawang kalahati ng talatang 10 sa Lucas 19 ang siyang susing talata sa Ebanghelyo ni Lucas, o alinman at sa lahat ng apat Ebanghelyo?

7. Walang hiningi ang Pariseo ngunit ang publikano ay “pinawalang sala” ni Jesus dahil humingi siya ng “awa.” Ano ang awa, at bakit matatagpuan ito ng 366 beses sa Biblia? Anong ibig sabihin ng “pinawalang sala,” at saan pang ibang bahagi ng Biblia matatagpuan ito?

Ang mga Palaisipan sa Mensahe ni Juan

Kabanata 7
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 25

Layunin: Upang ipakilala ang Ebanghelyo ni Juan at maunawaan ang mga pangunahing tema at layunin nito.

Marami pang himala ang ginawa ni Jesus na nasaksihan ng mga alagad, ngunit hindi nakasulat sa aklat na ito. Ang mga nakatala rito ay isinulat upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at upang magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.

—Juan 20:30, 31

Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos. Sila nga ay naging mga anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan o sa kagustuhan o sa kagagawan ng tao kundi ang pagiging anak nila ay dahil sa kalooban ng Diyos. Ang Salita ay naging tao at nanirahan sa piling namin. Nakita namin ang kaluwalhatiang tunay na kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Siya ay puspos ng kagandahang-loob at ng katotohanan.

—Juan 1:12-14

Ang Ebanghelyo ni Juan ay isa sa mga paboritong ebanghelyo ng mga ga-milyong tao dahil sa paggamit ng Diyos dito upang madala sila sa pananampalataya kay Jesus at ipinapakita sa kanila kung sino talaga Siya. Kakaiba ito sa maraming paraan; ang layunin nito, ang panitikang estilo nito, at ang nilalaman nito ay kakaiba sa ibang mga ebanghelyo. Ang sumulat—ang minamahal na alagad na si Juan—ay gumamit ng mga larawan at senyales upang bigyan tayo ng makatotohanang larawan ni Jesus na hindi makikita sa ibang mga ebanghelyo.

Upang maunawaan ang ebanghelyo ni Juan, kailangan nating tanggapin na sa kabila ng isinulat ito upang palakasin at turuan ang mga mananampalataya, ito rin ay kapaki-pakinabang sa mga hindi naniniwala upang sila ay madala sa pananampalataya. Naglahad si Juan ng teolohikal na argumento tungkol kay Jesus at ang mga sagot sa pangunahing mga katanungan tungkol kung sino si Jesus at bakit Siya dumating. Nagtala si Juan ng maraming tanda o milagro na nagpapalakas ng loob at nagpapatibay sa pananampalataya at katibaya na si Jesus ay Anak ng Diyos. Nagtanghal din siya ng magagandang larawan ni Jesus. Maaring basahin ng isa ang aklat ni Juan sa mababaw na antas at matuto tungkol kay Jesus, ngunit ang ebanghelyo ay isinulat din sa malalim na antas na maaring saliksikin ito nang habambuhay at hindi pa rin lubos na mauunawaan.

Pansinin na habang pinag-aaralan natin ang ebanghelyo ni Juan mayroong kasagutan sa tatlong tanong; Sino si Jesus; Ano ang pananampalataya; at ano ang buhay? Habang ikaw ay nagbabasa, hanapin ang mga kasagutan sa mga tanong na ito sa bawat kabanata.

1. Tama o **Mali**? Ang Ebanghelyo ni Juan ay tulad ng tatlong ebanghelyo na mayroong katulad na mga kuwento din.

2. **Tama** o Mali? Bilang karagdagan sa kanyang ebanghelyo, isinulat din ni Juan ang Pahayag at tatlo pang mga liham sa Bagong Tipan.

3. Tama o **Mali**? Ang Ebanghelyo ni Juan ay naisulat na huli kaysa sa tatlong ebanghelyo.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Tama o **Mali**? Isinulat ni Juan ang kanyang ebanghelyo para lamang sa mga mananampalataya, hindi para sa di-mananampalataya.

5. Bakit maraming inilagay na kuwentong "palatandaan" o milagro si Juan sa kanyang ebanghelyo?
    a. **Upang patunayan na si Jesus ay Anak ng Diyos at hikayatin ang mga tao na maniwala sa Kanya.**
    b. Upang gawing kapana-panabik ang kanyang kuwento
    c. Upang ipakita na ang tunay na mananampalataya ay laging makakaranas ng milagro kung may sapat silang pananampalataya
    d. Upang mas maraming magbasa ng kanyang ebanghelyo kaysa sa ibang ebanghelyo

6. Sa anong paraan kakaiba ang Ebanghelyo ni Juan? *(piliin lahat ng akma)*
    a. **Mayroon siyang masistemang argumento.**
    b. **Isinulat ito para sa mga mananampalataya at di mananampalataya.**
    c. Nagbigay ito ng mas maraming detalye sa kapanganakan at paglaki ni Jesus.

d. Isinulat sa dalawang antas—madaling maintindihang antas at malalim na antas na may malalim na mga mensahe.

e. Nagtuon sa pagpapakita ni Jesus sa mga alagad at sa sinaunang iglesia pagkatapos Niyang bumangon sa mga patay.

f. Karamihan ng nilalaman nito ay hindi matatagpuan sa ibang ebanghelyo.

7. Ano ang pangunahing mga tanong ang ninanais na sagutin ng Ebanghelyo ni Juan? *(piliin lahat ng akma)*

a. Paano ginanap ni Jesus ang propesiya?

b. Sino si Jesus?

c. Kailan muling darating si Jesus?

d. Ano ang itsura ng unang iglesia?

e. Ano ang pananampalataya?

f. Ano ang buhay?

8. Alin sa mga sumusunod na larawan ni Jesus ang matatagpuan sa Ebanghelyo ni Juan?

a. Buhay na Tubig

b. Malupit na husgado

c. Ang mabuting pastol

d. Ang nagliliyab na palumpong

e. Ang ilaw ng mundo

f. Ang tinapay ng buhay

g. Ang muling pagkabuhay at buhay

h. Ang puno ng ubas

i. Ang kordero ng Diyos

j. Ang malakas na kuta

k. Ang lingkod

l. Ang pinaka saserdote

m. Ang butil ng trigo

9. Ano ang tawag ni Juan kay Jesus sa unang kabanata ng kanyang ebanhelyo?

a. Ang matalinong nagiisip

b. Ang Salita ng Diyos sa laman

c. Ang dakilang guro

d. Ang dakilang lider sa espirituwal

10. Ano pa ang ibang bagay na sinabi ni Juan sa unang kabanata nang dumating si Jesus? *(piliin lahat ng akma)*

a. Tinanggihan ng mga Hudyo si Jesus

b. Binigyan ng karapatan ang lahat ng tumanggap kay Jesus

c. Gumaling ang lahat ng tumanggap kay Jesus

d. Ang lahat ng nanampalataya kay Jesus ay ipinanganak na muli

Ano ang naging tugon ng maraming Hudyo kay Jesus? Ano ang gusto ni Jesus na maging tugon mo sa Kanya? Anu-ano ang magagawa mong hakbang sa pananampalataya ngayon upang lumapit at magtiwala kay Jesus.

_____

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa aklat na ito na nagsasabi sa ating lahat ng ating dapat malaman upang maniwala kay Jesus, ang Diyos na nagkatawang tao, at sa pamamagitan Niya ay magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan. Hingin sa Kanya na tulungan kang maintindihan kung anong ibig sabihin nang masaganang buhay at dalhin ka sa malalim na pananampalataya habang pinag-aaralan mo ang Ebanghelyo ni Juan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ayon sa huling dalawang talata sa kabanata 20, bakit nagbigay ng maraming palatandaan si Juan sa atin?

2. Sa paanong paraan ang Ebanghelyo ni Juan ay naka direkta sa mga di mananampalataya?

3. Ano ang "palatandaan," at anong huling talata sa Ebanghelyo ni Juan ang nagsasabi tungkol sa dami ng mga palatandaang ibinigay ni Jesus?

4. Ayon sa unang 18 talata, anong maliwanag na nais ipakita ni Juan sa atin sa kanyang Ebanghelyo?

5. Ano ang ibig sabihin ni Juan sa sinabi niyang ang Salita ay sa simula pa, at ang Salita ay Diyos, nilikha ng Salita ang lahat, at ang Salita ay nagkatawang tao at nanahan sa atin upang makita natin ang Kanyang kaluwalhatian?

6. Ano ang ibig sabihin ni Juan sa sinabi niyang ang lahat ng tumanggap sa Kanya, manapay ang lahat ng nananampalataya sa Kanya, ay ipinanganak sa Diyos?

7. Kapag sinabi ni Juan na ang lahat ng “tumanggap sa Kanya” sa tamang paraan, ang ibig ba niyang sabihin ay noong nandito si Jesus, ang mga tao ay yumuyuko sa Kanya at inaanyahan Siya na pumasok sa kanilang mga puso?

Maipanganak na Muli:
Ano, Bakit, at Paano?

Kabanata 8
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 26

Layunin: Upang maunawaan ang halaga ng unang milagro ni Jesus at matutunan kung ano ang ibig sabihin ng kapanganakang muli.

"Sagot naman ni Jesus, "Pakatandaan mo: malibang ang isang tao ay ipanganak sa pamamagitan ng tubig at ng Espiritu, hindi ito makakapasok sa kaharian ng Diyos. Ang taong ipinanganak ayon sa laman ay laman, at ang ipinanganak ayon sa Espiritu ay espiritu. Huwag kang magtaka sa sinabi ko sa iyo, 'kayong lahat ay kailangang ipanganak na muli."

—Juan 3:5-7

"At kung paanong itinaas ni Moises ang tansong ahas doon sa ilang, gayundin naman, kailangang itaas ang Anak ng Tao, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang mga tao, kundi upang iligtas ang mga ito sa pamamagitan niya."

—Juan 3:14-17

Ang unang milagro ni Jesus na naitala ay nangyari sa handaan sa kasalan nang ang punong abala ay naubusan ng alak. Ginawa ni Jesus ang tubig sa malaking lalagyan na maging alak upang ang handaan sa kasal ay maituloy. Ito ay sumisimbolo sa muling kapanganakan at ipinapakita ni Jesus na maibabaligtad Niya ang napakahirap at imposibleng sitwasyon at gawin Niya ito upang maging sanhi ng umaapaw na kasiyahan. Ito ay larawan ng mangyayari kapag ang tao ay naniwala sa Kanya. Kinukuha Niya ang ordinaryo at himalang babaguhin tayo, bibigyan tayo ng panibagong kapanganakan.

Sa ikalawang kabanata, sinabi ni Juan na marami ang naniwala kay Jesus dahil sa milagro, ngunit hindi sila sumunod sa Kanya. Dahil hindi sila nangako kay Jesus, hindi Siya nangako sa kanila. Mayroong ibat-ibang uri ng pananampalataya: hindi lahat ng nagsasabing naniniwala ay paniniwalang nakakapagligtas. Maraming naniniwala sa isip lamang, hindi paniniwala na sundin Siya. At saka sa kabanatang dalawa, hinulaan ni Jesus ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay sa ikatlong araw.

Sa Juan 3, si Nicodemo, isang kilalang guro, ay lumapit kay Jesus isang gabi at nagtanong. Sinabi ni Jesus sa gurong ito na ang tanging daan sa kaharian ng Diyos ay ang ipanganak na muli. Ang mga nakaranas ng bagong kapanganakan ay kinikilala si Jesus bilang Panginoon. Ang paraan upang maranasan ang bagong kapanganakan ay sa pamamagitan ng pananampalataya. Nilinaw ni Jesus sa pag-uusap na ito sa guro na Siya ay Diyos na totoo, Anak ng Diyos, at sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya ay maliligtas tayo—ipanganak na muli. Kapag naipanganak na muli tayo, makikita natin ang Diyos bilang hari.

1. **Tama** o Mali? Ayon sa Ebanghelyo ni Juan, ang unang milagro ni Jesus ay nangyari sa handaan sa kasalan.

2. **Tama** o Mali? Ang layunin ng milagro ni Jesus ay maipamalas ang Kanyang kaluwalhatian at magawang maniwala sa Kanya ang mga tao.

3. **Tama** o Mali? Sa kasulatan, ang alak ay karaniwang simbolo ng katuwaan.

4. **Tama** o Mali? Sa kasulatan, ang tubig ay karaniwang simbolo ng Salita ng Diyos.

5. **Tama** o Mali? Ano mang pinaniniwalaan natin ay ating ginagawa. Ang iba ay mga salita lang ng relihiyon.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Mula sa milagro sa kasalan bilang alegorya o paglalarawan sa muling kapanganakan, ipagsunod-sunod ang mga hakbang ayon sa tamang bilang ng mga sumusunod:
   4 Hayaan ang bagong kapanganakan na mangyari sa iyong mga relasyon
   1 Aminin na hindi ka pa ipinanganak na muli
   3 Gawin ang Salita ng Diyos

2 Punuin ang iyong “lalagyan” ng Kasulatan

7. Bakit pumunta si Nicodemo kay Jesus upang magtanong?
    a. **Humanga siya sa nakita niyang ginawa ni Jesus at nais niyang marinig ang Kanyang katuruan.**
    b. Nais niyang lituhin si Jesus upang magsabi ng mali.
    c. Nais niyang isaulo ang mga Salita ni Jesus at ipangaral ang mga ito sa iba, na nagpapanggap na mayroon siyang sariling bagong tuklas na mensahe.
    d. Inutusan siya ng mga namumuno sa Jerusalem upang tiktikan si Jesus.

8. Sa kabanata 2 ng Juan, anong palatandaan ang ipinangako ni Jesus upang patunayan na Siya ay Diyos?
    a. Magbibigay Siya ng kapayapaan sa lahat.
    b. Magbibigay Siya ng kalunasan at kaunlaran sa lahat.
    c. Mapapatay Siya ngunit babangon Siyang muli pagkalipas ng ikatlong araw.
    d. Gagawa Siya ng maraming milagro.

9. Ano ang ang sinabi ni Jesus na dapat gawin ng isang tao upang makapasok sa kaharian ng Diyos?
    a. Sundin ang kautusan
    b. Isaulo ang katotohanan
    c. Ibenta lahat ng kayamanan
    d. Maipanganak na muli

10. Anong ibig sabihin ng ipanganak na muli?
    a. Maging sanggol muli
    b. Lumipat sa bagong relihiyon
    c. Magkaroon ng kapanganakan sa espirituwal kung saan makikita natin ang Diyos bilang Hari
    d. Mamatay at mabuhay muli sa ibang tao o ibang anyo

11. Paano tayo maipapanganak na muli?
    a. Gayahin si Jesus.
    b. Maniwala kay Jesus.
    c. Maging perpekto.
    d. Humiwalay sa mundo.

12. Sino si Jesus sa kabanatang 3 ng Juan? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Bugtong na Anak ng Diyos
    b. Tanging Tagapagligtas ng Diyos
    c. Tanging solusyon ng Diyos
    d. Ang ilaw mula Sa Diyos
    e. Ang pinangakong Cristo, ang Mesiyas
    f. Ang Isang itataas sa krus

Mayroon ka bang suliranin sa buhay na nais mong mapalitan ito ni Jesus nang katuwaan gaya ng ginawa Niya sa tubig na naging alak? Kung nais mo, ano ang mga ito? Ano ang nais mong isuko sa Kanya ngayon?

_____

_____

_____

_____

Nakita mo na ba ang Diyos bilang iyong Hari at nakapasok ka na ba sa Kanyang Kaharian? Kung hindi pa, ayon kay Jesus hindi ka pa naipanganak na muli. Mayroon bang mga hadlang kung bakit hindi ka maniwala kay Jesus bilang Tagapagligtas ng Diyos para sa iyo? Ano ang sinasabi ni Jesus sa iyo?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa pag-aalok ng bagong buhay sa lahat ng naniniwala kay Jesus. Manalangin na tulungan kang makilala mo Siya bilang Panginoon at hari sa bawat bahagi ng iyong buhay. Hingin sa Diyos sa bawat araw na tulungan ka na mabuhay na sumusunod sa Kanyang Salita.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa anong paraan ginawa ang unang palatandaan ni Jesus sa handaan ng kasalan (kabanata 2) ay alegorya ng apat na dimensyon sa kapanganakang muli, at paano ang nasabing mga prinsipyo ay magamit sa espirituwal na pagbabago ng mga naipanganak na muli?

2. Paano ang pangalawa at pangatlong kabanata ng Juan ay sumasagot sa tatlong katanungan, "Sino si Jesus," "Ano ang pananampalataya," at "Ano ang buhay?" *(Isaalang-alang ang Juan 2:18-25; 3:14-19)*

3. Paano natin magagamit sa ating sarili ang katotohanang lumapit si Nicodemo kay Jesus dahil humanga siya sa ginawa ni Jesus at pagkatapos nais niyang marinig ano ang sasabihin ni Jesus?

4. Ayon sa sinabi ni Jesus kay Nicodemo sa talatang 3 at 5, ano ang kahihinatnan ng kapanganakang muli?

5. Ano ang Kaharian ng Diyos, paano natin ito makikita ngayon, at paano tayo makakapasok dito ngayon? *(Isaalang-alang ang 1 Corinto 12:3; 2 Corinto 5:17-18)*

6. Base sa pinakamatapang na salita ni Jesus (3:14-19), sino at bakit sila hinatulang maparusahan, sino at bakit sila naligtas? *(isalaalang-alang 2 Corinto 5:18-19)*

7. Ano ang nais ipaliwanag ni Jesus sa pagsabi Niya ng alegorya na binanggit ang ahas sa ilang na matatagpuan sa Mga Bilang 12:8 kay Nicodemo sa Juan 3:14?

Ang Babae sa Balon

Kabanata 9
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 27

Layunin: Upang makita kung paano nagministeryo si Jesus sa mga tao sa Ebanghelyo ni Juan at lalo pang maunawaan ang muling kapananganakan.

"Sumagot si Jesus, "Ang bawat uminom ng tubig na ito'y muling mauuhaw, ngunit ang sinumang uminom ng tubig na ibibigay ko sa kanya ay hindi na muling mauuhaw kailanman. Ang tubig na ibibigay ko ay magiging batis sa loob niya, at patuloy na bubukal at magbibigay sa kanya ng buhay na walang hanggan." Ang Diyos ay Espiritu kaya dapat siyang sambahin sa espiritu at sa katotohanan."

—Juan 4:13-14, 24

Sa Juan 4 makikita na naman natin ang isang tao na naipanganak na muli sa pamamagitan ng tamang pagtugon kay Jesus. Nakatagpo si Jesus ng isang babaeng Samaritano sa tabi ng balon at inalok siya ng tubig na hindi na siya mauuhaw na muli—ang tubig ng Kanyang katotohanan at Kanyang buhay. Hindi lamang tinanggap nitong babae ang inialok sa kanya, naging balon din siya ng tubig kung saan ang iba ay makakakuha ng tubig na maiinom. Sa madaling salita, naipanganak siyang muli at ipinakita niya sa mga tao sa ngayon kung paano matatanggap ang buhay na walang hanggan mula kay Jesus.

Ang sumunod na kabanata, si Jesus ay nagpagaling sa araw ng Sabado (Sabbath), at sinabi sa tao na buhatin ang kanyang higaan, ito ay paglabag sa patakaran ng mga lider sa relihiyon. Ang pagpapagaling na ito ay naging sanhi ng mahabang mainitang usapin sa mga lider sa mga sumusunod na kabanata sa Ebanghelyo ni Juan. Sa pakikipag-ugnayan na ito sa mga opisyales ng mga Hudyo, nagsabi si Jesus ng matatapang na katotohanan tungkol sa kung sino Siya—na Siya ay Anak ng Diyos, na ginagawa lamang Niya ang nais ng Diyos, at ang mga kasulatan ay nagpapatunay sa Kanya. Ang Kanyang mga salita ay nag-iwan sa mga tao ng pagpipili: tanggihan o paniwalaan Siya. Nahaharap din tayo sa parehong pagpipili ngayon kapag ating binabasa ang Kanyang mga Salita.

1. Tama o **Mali**? Ang mga Hudyo at mga Samaritano ay magkalapit sa bawat isa na parang magkapatid.

2. Tama o **Mali**? Ipinamalas ni Jesus ang pagkiling tulad din ng mga ibang tao.

3. Tama o **Mali**? Sinabi ni Jesus sa babae sa tabi ng balon ang katulad ng sinabi Niya kay Nicodemo. Gumamit Siya ng pare-parehong paraan sa bawat isa.

4. **Tama** o Mali? Nabago ng lubusan ang babae sa tabi ng balon dahil sa pakikipag-ugnay niya kay Jesus.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Anong katangian ang ipinakita ni Jesus sa Kanyang pakikipag-usap sa babae sa balon? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Pagkondena
   b. Pagkiling
   c. Pagkilala
   d. Sensitibo
   e. Pagtanggap sa kasalanan
   f. Pagtanggap sa tao

6. Alin sa mga sumusunod ang tinukoy ni Jesus sa Kanyang pakikipag-usap sa babae?
   a. Ang problema niya
   b. Ang solusyon niya
   c. Ang tagapagligtas niya
   d. Lahat ng nasa itaas

7. Ano ang iminungkahi ni Jesus sa babae na dapat niyang hingin sa Kanya?
    a. Nang maiinom
    b. Bagong asawa
    c. Tubig na buhay
    d. Ibang hanapbuhay

8. Ano ang itinanong ni Jesus sa taong nasa tabi ng palanguyan ng Bethesda?
    a. "Bakit ka pinaparusahan ng Diyos nang ganitong sakit?"
    b. "Nais mo bang gumaling?"
    c. "Kung pagagalingin kita, nangangako ka ba na magiging Mabuti ka?"
    d. "Ano ang isasakripisyo mo bago kita pagalingin?"

9. Bakit nagalit ang mga lider sa relihiyon sa pagpapagaling ni Jesus sa taong lumpo?
    a. Pinagaling ni Jesus ang tao sa araw ng Sabado.
    b. Inisip nila na karapat-dapat lamang na maging lumpo ang tao.
    c. Sila lamang ang makakapagpagaling ng mga tao.
    d. Naniniwala sila na nagpapanggap lamang ang tao na maging lumpo at hindi talaga pinagaling ni Jesus ang taong ito.

10. Bakit isa lang ang pinagaling ni Jesus sa palanguyan ng Bethesda?
    a. Nais lamang pagalingin ni Jesus ang mga taong matagal ng may sakit.
    b. Maaaring ito lang ang taong sumuko sa pagpunta sa palanguyan.
    c. Hindi kayang pagalinging ni Jesus ang bawat isa.
    d. Ayaw ni Jesus na magkaroon ng pakikipagtalo sa mga lider ng relihiyon.

11. Ano ang inilalawaran ng palanguyan ng Bethesda?
    a. Si Jesus bilang Tubig na Buhay
    b. Ang mundong punong-puno ng problema
    c. Lahat ng bagay o lugar na maaaring nating puntahan upang gumaling tayo
    d. Na kung tayo ay maliligtas dapat nasa tamang lugar at panahon tayo

12. Saan natin matatagpuan ang buhay na walang hanggan?
    a. Sa palanguyan ng Bethesda
    b. Sa sarili nating katuwiran
    c. Sa tulong ng psychiatry
    d. Sa kayamanan
    e. Sa kalusugan
    f. Sa relasyon sa ibang tao
    g. Sa kasiyahan at ginhawa
    h. Kay Jesus lamang

13. Kapag sinusuri natin ang Kasulatan, ano dapat ang makikita natin tungkol kay Jesus?
    a. Si Jesus ay sinungaling o sira ulo, o Siya ang sinasabi Niyang Siya—Diyos.
    b. Si Jesus ay napakabuting tao at dapat nating sundin ang Kanyang halimbawa.
    c. Si Jesus ay propeta na isinugo ng Diyos upang sabihin sa atin paano maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan.

d. Si Jesus ay kathang isip lamang na isang tao at nais magturo ng mabuting moralidad.

Saan ka nauuhaw? Sa paanong paraan mapapa-ginhawa ang iyong pagkauhaw? Paano ka magiging balon ng tubig na buhay at tulungan ang iba na mapawi ang kanilang pagkauhaw?

_____

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na si Jesus ang tangi nating pag-asa at hindi Niya tayo hahayaang masiyahan sa mababang pag-asa. Hingin sa Kanya na pasayahin ka niya ng lubusan sa iyong relasyon sa Kanya at bigyan ka ng pagkakataon para ibahagi ang iyong pag-asa sa ibang mga tao.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Dahil dadaan lamang si Jesus sa Samaria, ano ang istratehiya niya para maabot ang buong Samaria pagkatapos Niyang dumaan dito? *(Ikumpara ang istratehiyang ito nang Siya ay dumaan sa Jericho ayon sa natala sa Lucas 19)*

2. Ano ang gamit nito sa ating pansarili "ang isang uminom sa tubig na buhay ay magiging balon ng tubig kung saan ang iba ay lalapit upang uminom?"

3. Paano natin magagamit sa ating sarili, sa maraming paraan, ang dakilang talata sa panayam na ito, talatang 28, "iniwan ng babae ang kanyang banga, bumalik sa bayan at sinabi sa mga tagaroon, halikayo, tingnan ninyo ang taong…?" Sa kultura nila, bakit ang babaeng ito ay nagsabi sa mga kalalakihan sa kanyang bayan tungkol kay Jesus?

4. Paano natin magagamit ang pangaral ni Jesus sa Kanyang mga alagad na itaas ang kanilang mga mata bago tingnan ang bukid (ang babae), na sobrang hinog at handa ng anihin?

5. Dahil ang kabanatang 5 ay nagbibigay diin sa katotohanang maraming mga tao sa tabi ng palanguyan ng Bethesda, bakit pinagaling ni Jesus ang taong ito, at paano ginawa ni Jesus ang pagpapagaling na ito?

6. Ang pagpapagaling na ito ay nagresulta ng mainit na usapin kay Jesus at lider ng relihiyon, kung saan nagpatuloy hanggang sa panghuli ng kabanatang 8. Gumawa ng listahan ng lahat sinasabi ni Jesus sa Kanyang sarili sa apat na kabanata, pagkatapos sagutin ang tanong “Sino si Jesus?”

7. Kung natapos mo na ang iyong listahan, ano ang pinili mo tungkol kay Jesus? Siya ba ay sinungaling, sira ulo, o Panginoon?

Pinili Ninyong Hindi Lumapit

Kabanata 10
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 28

Layunin: Upang maunawaan ang tunay na kahulugan ng pananampalataya at paano tutugon nang tama sa katuruan ni Jesus.

"Pakatandaan ninyo: ang nakikinig sa aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan, sa halip ay inilipat na siya sa buhay mula sa kamatayan. Sinasaliksik ninyo ang mga Kasulatan sa paniwalang doon ninyo matatagpuan ang buhay na walang hanggan. Ang mga Kasulatang iyan ang nagpapatotoo tungkol sa akin! Ngunit ayaw naman ninyong lumapit sa akin upang kayo'y magkaroon ng buhay."

—Juan 5:24, 39-40

"Pakatandaan ninyo: ang sumasampalataya sa akin ay may buhay na walang hanggan.... Ako nga ang tinapay na nagbibigay-buhay na bumabâ mula sa langit. Mababuhay magpakailanman ang sinumang kumain ng tinapay na ito. At ang tinapay ay ang aking katawan na ibibigay ko upang mabuhay ang sangkatauhan."

—Juan 6:47-48, 51

Pagkatapos pagalingin ang tao sa palanguyan ng Bethesda at ang pagpapakilala sa Kanyang sarili, sinabi ni Jesus na mayroon na silang sapat na ebidensiya upang kilalanin Siya bilang Anak ng Diyos, ang pangakong Mesiyas. Sinabi Niya na si Moses, Juan Bautista, ay tinig ng Diyos mula sa langit, at ang kasulatan ay nagpapatunay na Siya nga ang sinasabi Niyang Siya nga.

Pagkatapos magpakain ng 5,000 tao si Jesus, ipinangaral Niya ang pinaka-mahirap na intindihin na sermon—ang "Tinapay ng Buhay." Sinabi Niya na ang mga salita Niya ay espiritu at buhay, na Siya ang tinapay ng buhay na galing sa langit, at ang mga "kakain lamang ng Kanyang laman" at "iinom ng Kanyang dugo" ang magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Ang ibig sabihin ni Jesus na ang lahat ng naghahanap ng buhay ay kailangang tanggapin ang lahat ng itinuturo Niya—gamitin mo at gawin bahagi ito ng iyong buhay—at maniwala sa kahulugan ng Kanyang kamatayan sa krus. Marami sa mga alagad ay hindi talaga maunawaan ang ibig Niyang sabihin dito. Ang mga salitang ito ay mahirap maunawaan at dahil doon iniwan Siya ng marami sa mga tagasunod Niya. Ngunit ang mga malalapit sa Kanya, ang labindalawang alagad, nangakong mananatili sa Kanya.

Hindi itinuro ni Jesus na dapat nating maunawaan ang lahat ng itinuro Niya bago natin Siya sundin. Itinuro Niya na ang mga sumusunod sa Kanya na kusang loob na gagawin ang mga sinabi Niya ay makikilala na galing sa Diyos ang Kanyang mga katuruan.

1. Tama o **Mali**? Ang mga lider ng relihiyon ay lubos na natuwa nang makita nila ang milagrong pagpapagaling ni Jesus sa taong lumpo sa loob ng 38 taon nang buhatin niya ang kanyang higaan at maglakad.

2. Tama o **Mali**? Hindi inamin ni Jesus na siya ay hindi pangkaraniwang tao.

3. **Tama** o Mali? Sinabi ni Jesus na lahat ng kapangyarihan ay ibinigay na sa Kanya ng Diyos.

4. **Tama** o Mali? Bagama't maraming lider ng relihiyon ay tinanggihan si Jesus, marami din namang mga tao ang tumanggap sa kaniya bilang Mesiyas, ang Anak ng Diyos.

5. **Tama** o Mali? Ang mga lider ng relihiyon sa panahon ni Jesus ay may lubos na kaalaman sa Biblia.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Ano talaga ang pangunahing dahilan kung bakit tinanggihan ng mga lider ng relihiyon si Jesus?
    a. Walang silang sapat na ebidensiya upang paniwalaan Siya.
    b. Ayaw Siyang tanggapin, kaya hindi nila pinansin ang mga ebidensiya.
    c. Ininsulto silang madalas at nasaktan sila ng lubos kaya hindi na sila naniwala.
    d. Ignorante sila at hindi nila maunawaan ang sinabi Niya, kahit anong pilit nila.

7. Sino ang hinahanap ng mga lider ng relihiyon na sasangayon sa kanila?
    a. Pagsangayon ng Diyos
    b. Pagsang-ayon nila sa bawat isa
    c. Pagsang-ayon lamang ng ordinaryong tao
    d. Wala sino man ang nais nila

8. Bakit maraming mga tao ang umalis pagkatapos sabihin ni Jesus na “kainin ang Kanyang laman” at “inumin ang Kanyang dugo?”
    a. Ang mga salita Niya ay mahirap maunawaan at nakakasakit ng damdamin.
    b. Ang kahilingan Niya ng pagsunod ay napakahirap.
    c. Sinalungat Niya ang kautusan ng Diyos, dahil dito inisip ng marami na Siya ay bulaang propeta.
    d. Nais nilang humayo at sabihin sa mga kabigan nila ang magandang balita na Kanyang sinabi.

9. Anong uri ng pananampalataya ang nais ng Diyos na magkaroon tayo?
    a. Maniwala lamang kung nakakita ng milagro
    b. Maniwala sa anumang sinabi sa atin ng sinuman
    c. Maniwala lamang kung naintindihan natin Siya
    d. Maniwala kahit hindi natin Siya maintindihan

10. Saan sinabi ni Jesus galing ang Kanyang katuruan?
    a. Sarili Niyang opinyon
    b. Sa Kanyang maraming taong edukasyon
    c. Mga payo ng Kanyang mga alagad
    d. Sa Diyos

Tinuruan ka ba ng Diyos sa mga hindi mo naintindihan ngunit alam mo na dapat mo itong sundin? Kung totoo, ano ito? Ano ang nais ng Diyos na maging tugon mo sa katuruan na iyon? Ano sa palagay mo ang magiging tugon Niya kung ikaw ay susunod?

_____

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa pagbubunyag ng Kanyang sarili, Kanyang kalooban, at Kanyang paraan sa atin. Hingin na bigyan ka Niya ng pusong masunurin at kaisipang nakakaunawa sa Kanyang Salita. Hingin sa Diyos ang lakas at karunungan na gawin ang lahat nang ipinapagawa Niya sa iyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Pagkatapos magpakita ng mga ebidensiya na nagpapatunay sa mga inaako ni Jesus sa Kanyang sarili, sinabi sa kanila kaya hindi sila lumalapit sa Kanya ay sapagkat ayaw nila. (Juan 5:39, 40) Paano natin magagamit ang katotohanang ito sa ating buhay?

2. Bakit sinabi ni Oswald Chambers, isang dakilang espirituwal na lider, na ang mga talata sa loob ng panaklong ay siyang susi sa pang-unawa sa buong Biblia?

3. Paano natin magagamit ang katotohanan kung bakit ang mga tao tulad ng mga Pariseo, mga dalubhasa sa Kasulatan, ay ayaw pumunta kay Jesus?

4. Bakit ang tanging milagrong natala lamang sa bawat Ebanghelyo ay ang pagpapakain sa 5,000 pamilya na gutom?

5. Sa paanong paraan ang milagrong ito ay “Isang Talinghaga ng Misyonaryong Pangitain ni Jesu-Cristo?”

6. Paano natin magagamit ang katotohanang inilagay ni Jesus ang mga alagad sa pagitan Niya at pagpapakain sa maraming tao (simbolo ng buong mundo) noong inabot ang pagkain mula sa Kanyang kamay, dumaan muna sa kamay ng mga alagad, bago nakarating sa mga gutom na pamilya?

7. Ano ang gamit sa tanong na "Ano ang pananampalataya?" na naipakita sa katotohanan na kahit na iniwan si Jesus ng maraming mga tagasunod noong sinabi Niya ang napakahirap unawain na diskurso nang Tinapay ng Buhay, ang mga apostol ay nanatili pa rin, kahit hindi nila naintindihan ang diskurso?

Tatlong Kabanata ng Muling Kapanganakan

Kabanata 11
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 29

Layunin: Upang maunawaan ang salungatan ni Jesus at ng mga lider sa relihiyon at makilala Siya bilang Ilaw ng sanlibutan, ang mabuting Pastol, at ang Muling Pagkabuhay at Buhay.

"Muling nagsalita si Jesus sa mga Pariseo. Sinabi niya, "Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa akin ay magkakaroon ng ilaw sa kanyang buhay at di na lalakad sa kadiliman." Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong naniniwala sa kanya, "Kung tinutupad ninyo ang aking aral, kayo nga'y tunay na mga alagad ko; makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo."

—Juan 8:12, 31-32

"Ako nga ang pintuan. Ang sinumang pumapasok sa pamamagitan ko'y maliligtas. Papasok siya't lalabas, at makakatagpo ng pastulan. Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, ng isang buhay na masagana at ganap."

—Juan 10:9-10

"Ako ang nagbibigay-buhay at muling pagkabuhay. Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay; at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman."

—Juan 11:25-26

Pagkatapos magpakita ng awa si Jesus sa babaeng nahuling nangangalunya, malupit Niyang kinausap ang mga lider ng relihiyon, tinawag silang "mga anak ng diyablo." Ilan sa mga lider ay naniwala kay Jesus, at sinabi sa kanila na ang katotohanan ang magpapalaya sa kanila. Pagkatapos pagalingin ang bulag, pinangaral ni Jesus na Siya ang Ilaw ng mundo. Napagtanto ng maraming mga lider ng relihiyon na inaakusahan sila ni Jesus na tumatanggi sa Kanya, ang Ilaw, para manatili sila sa kanilang kasalanan. Ipinaliwanag Niya na nagbibigay siya ng paningin sa mga bulag.

Ikinumpara ni Jesus ang Kanyang sarili sa isang mabuting pastol at sinabi sa mga tagasunod Niya na ang Kanyang mga tupa ay nakikinig sa kanyang tinig. Siniguro ni Jesus sa kanila na Siya ang pintuan upang makapasok sila at ang Mabuting Pastol na mag-iingat sa kanila sa ano mang panganib.

Ang pinaka-madramang milagro na nangyari ay noong hinayaan Niya ang tatlong tao na maranasan ang pinakamalaking problema na walang kalunasan—sakit at kamatayan. Nais Niya

na ang Kanyang mga kaibigan, Maria, Marta, at Lazaro—at lahat ng nakabasa ng kanilang kuwento—na malaman nila na Siya ang tatalo sa kamatayan at ang susi sa buhay na walang hanggan. Ang mga naniniwala kay Jesus at nabubuhay na kasama Niya ay hindi mamamatay.

1. **Tama** o Mali? Hindi kinaila ni Jesus na ang babaeng nahuling nangangalunya ay tunay na nagkasala, ngunit Siya ay nagkaroon pa rin ng awa sa kanya.

2. **Tama** o Mali? Hindi nakakalimutan ng Diyos na tayo ay makasalanan, ngunit pinili Niya na kalimutan ang ating mga kasalanan.

3. Tama o **Mali**? Itinuro ni Jesus na lahat ng mga tao ay nanggaling sa langit at babalik sa langit.

4. Tama o **Mali**? Bagama't laging nagsasalita ng katotohanan si Jesus, hindi siya naging malupit kahit kanino man.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ilagay ang tamang numero ayon sa pagkasunod-sunod ng yugto ng muling kapanganakan?
   - __3__ Maranasan
   - __2__ Sumunod
   - __1__ Maniwala

6. Ano ang ibig sabihin ni Jesus sa sinabi niyang, "Bago ipinanganak si Abraham, Ako na?"
   a. Siya ay matandang kaluluwa na nagkaroon ng maraming buhay
   b. Siya ay Diyos, samakatuwid Siya ay walang hanggan
   c. Alam na alam Niya ang Matandang Tipan na para bang Siya ay nabuhay noon
   d. Ang panahon ay ilusyon lang at hindi ito nangyayari sa mga naliwanagan

7. Ayon kay Jesus, bakit ipinanganak na bulag ang taong bulag?
    a. Karapat-dapat lang na siya ay maging bulag sapagkat siya ay likas na makasalanan.
    b. Nagkasala ang kanyang mga magulang, at siya ay isinumpa sa ganoong kalagayan.
    c. May binulag siyang tao sa ibang buhay, kaya ito ang parusa niya.
    d. Nais ipakita ng Diyos ang Kanyang gawain sa buhay ng taong ito.

8. Ano ang Ibig sabihin ni Jesus sa sinabi niyang, "Ako ang Ilaw ng Sanlibutan?" (*piliin lahat ng akma)*
    a. Walang kadiliman o kasalanan sa Kanya; Siya ay Diyos.
    b. Nagbibigay Siya ng espirituwal na paningin sa mga bulag sa espirtuwal.
    c. Inaalis Niya ang kadiliman ng kasalanan.
    d. Ang Kanyang buhay at ilaw ay nagbibigay ng liwanag sa isang makasalanan.

9. Ano ang kahulugan sa atin na si Jesus ang Siyang pintuan sa kulungan ng mga tupa? (*piliin lahat ng akma)*
    a. Ang Kanyang mga alituntunin ay naglalagay sa atin sa makipot at walaang kalayaan na lugar sa ating buhay.
    b. Siya lamang ang daan sa Kaharian ng Diyos.
    c. Nais Niya tayong ilayo sa mundo upang huwag tayong ma impluwensiyahan ng mundo at hindi natin maiimpluwensiyahan ang iba.
    d. Iniingatan tayo sa mga mandaragit.
    e. Hindi Niya pinapapasok ang mga di kanais-nais na mga tao sa Kanyang kaharian.

10. Bakit nanatili si Jesus kung saan naroon Siya noong marinig Niya na ang Kanyang kaibigan na si Lazaro ay may sakit?
    a. Hindi Niya naiisip na malala na ang sakit ni Lazaro.
    b. Wala Siyang pakialam kung mamamatay si Lazaro dahil ang kamatayan ay ilusyon lang.
    c. Nais Niyang ipamalas na may kapangyariahan Siya laban sa sakit at kamatayan.
    d. Nais Niyang pagalingin si Lazaro mula sa malayo pero hindi Niya magawa.

11. Paano tayo tutugon kay Jesus kapag dumaranas tayo ng kahirapan sa buhay?
    a. Manatili tayong malapit sa Kanya at magpatuloy sa pagtitiwala sa Kanya.
    b. Magalit sapagkat pinabayaan Niya tayong magdusa.
    c. Magpanggap na masaya tayo, kahit na hindi natin ito nararamdaman.
    d. Dapat nating maunawaan na ang Kanyang mga kaparaanan ay misteryoso at kailanman ay hindi natin ito mauunawaan.

12. Ano ang ibig sabihin ni Jesus sa sinabi Niyang, “Sinoman ang maniwala sa akin ay hindi na mamamatay?”
    a. Ang tunay na tagasunod Niya ay hindi makakaranas ng kamatayang pisikal tulad ng iba.
    b. Ang Kanyang mga alagad ay muling magkakatawang tao (reincarnation) na may mabuti at mataas na posisyon.
    c. Ang lahat ng mga nanampalataya sa Kanya ay hindi na mamamatay sa espirituwal.
    d. Walang nakakaalam sinoman—sinabi Niya ito upang makakuha Siya ng maraming tagasunod.

Nakakaranas ka ba ng kahirapan ngayon sa iyong buhay? Kung oo, ano ang nais ni Jesus na gawin mo sa Kanya sa gitna ng mga paghihirap na ito? Sa paanong paraan maaari ka Niyang ilapit sa Kanya sa pamamagitan ng mga pangyayaring ito?

_____

_____

_____

_____

Inilagay mo na ba ang iyong pagtitiwala sa Ilaw ng Mundo, sa Isang binuhay na muli at buhay na si Jesus? Kung ginawa mo na, ano ang magagawa nito sa iyong buhay? Kung hindi pa, ngayon ay maaari ka nang magtiwala kay Jesu-Cristo.

_____

_____

_____

Pasalamatan si Jesus dahil siya ang taga lunas sa hindi malulunasan na problema sa buhay. Hingin sa Kanya na ayusin Niya ang iyong problema at tulungan ka na magtiwala ng lubusan sa Kanya. Hingin sa Kanya na ilapit ka Niya sa Kanyang sarili sa bawat sitwasyon sa iyong buhay.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo maikukumpara at magagamit ang Juan 7:37-39 sa sinabi ni Jesus sa babae sa tabi ng balon tungkol sa isang lagok ng tubig ay magdadala sa balon ng tubig (sa taong uminom nito), kung saan ang iba ay makakalapit upang uminom?

2. Base sa Juan 8:30-36, ano ang tatlong yugto ng muling kapanganakan, ayon kay Jesus?

3. Paano mo ipapaliwanag at magagamit ang malinaw na sinabi ni Jesus sa Juan 9:41 na, kung ikaw ay bulag o wala kang ilaw sa espirituwal, wala kang kasalanan?

4. Paano mo maikukumpara at magagamit ang Juan 10:9 sa Juan 14:6?

5. Ayon sa naiulat sa kabanatang sampu at labing-isa ng Juan, bakit nanatili si Jesus sa kinaroroonan niya, nagawa niyang hayaan ang tatlong taong Kanyang lubos na minamahal na makaranas ng problemang hindi nila kayang lutasin, ang karamdaman at kamatayan?

6. Ipaliwanag at gamitin ang dalawang kondisyon na ibinigay ni Jesus sa Juan 11:26, kung saan ating binabase ang matibay nating paniniwala na kahit tayo ay mamatay tayo ay mabubuhay? (Sino mang nabubuhay sa Akin at naniniwala sa Akin.)

7. Ayon sa natala sa Juan 12:23-28 ipinaliwanag ni Jesus na ang binhi ay hindi magbubunga hangga't hindi ito namamatay bilang binhi. Sinabi Niya na dumating Siya sa mundong sa oras na ito at nanalangin, *"Ama maluwalhati nawa Kayo!"* Narinig ko ang mga pananalita na ito sa ibang pakahulugan ng ganito, "Ama, maluwalhati nawa kayo at ipadala ninyo ang gastos. Anuman Ama, basta maluwalhati Kayo!" Nanalangin ka na ba nang ganitong panalangin, o gusto mo na itong gawin ngayon?

Ang Huling Pagsasama-sama
Ng Mga Mananampalataya

Kabanata 12
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 30

Layunin: Upang maunawaan ang “Diskurso sa Itaas nang Silid” ni Jesus at siyasatin ang malalim na katotohanan na ibinahagi Niya sa mga alagad noong gabi bago Siya ipinako sa krus.

“Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo ngayon, mag-ibigan kayo! Kung paano ko kayong inibig, gayundin naman, mag-ibigan kayo. Kung kayo'y mag-iibigan, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko.”

—Juan 13:34-35

“Sumagot si Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.”

—Juan 14:6

“Ngunit ang Tagapagtanggol, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa inyo. “Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng kapayapaang ibinibigay ng mundo. Huwag na kayong mabalisa; huwag na kayong matakot.”

—Juan 14:26-27

Ang kabana 13-17 sa Ebanghelyo ni Juan ay tungkol sa huling gabi ni Jesus kasama ang mga alagad bago Siya ipako sa krus. Ang Kanyang pinakamahabang diskurso, sinabi Niya sa mga alagad sa “Silid sa Itaas” ang tungkol sa maraming mahahalagang katotohanan. Sinimulan Niya ang Kanyang ministeryo ng “unang Kristiyanong Pagbabakasyon (Retreat).”—Ang Sermon sa Bundok sa Mateo—at sa Juan nagtapos Siya sa “Huling Kristiyanong Pagbabakasyon (Retreat).” Nagsimula ang kanilang pagpupulong sa paghuhugas ng mga paa ng mga alagad. Sa Kaniyang pakikipagusap sa kanila, ibinigay Niya ang bagong kautusan na sila ay magmahalan sa bawat isa, nangako na ang relasyon Niya sa kanila ay magpapatuloy pagkatapos Niyang umalis dahil ipapadala Niya ang Banal na Espiritu, at sinabi na magiging mabunga sila kapag maayos ang pakikisama nila sa Kanya. Ikinumpara Niya ang Kanyang sarili sa isang puno ng ubas at ang mga alagad ay mga sanga—mga sanga na namumunga dahil sa buhay na dumadaloy sa puno ng ubas.

Pagkatapos sa kabanatang 17, ang kahuli-hulihang oras Niya sa mga alagad, nanalangin si Jesus ng napakahabang panalangin para sa mga tagasunod Niya. Nanalangin si Jesus para sa Kanyang

mga “sanga”—ang 12 alagad, sa gawaing kanilang gagawin, at sa lahat ng maniniwala sa Kanya sa buong kasaysayan. Nanalangin si Jesus para sa Kanyang iglesia na mabuhay na may pagkakaisa sa Kanya at sa bawat isa at matutunan at maipamalas ang Kanyang pag-ibig.

1. **Tama** o Mali? Ang “diskurso sa silid sa itaas” ay ang pinakamahabang diskurso ni Jesus na naitala.

2. Tama o **Mali**? Nang sinabi ni Jesus sa mga alagad na Siya’y aalis, inanyayahan sila na sumama sa Kanya.

3. **Tama** o Mali? Sinabi ni Jesus na ang bawat totoong alagad Niya ay namumunga.

4. **Tama** o Mali? Noong oras na pupunta na Siya sa krus, hindi tinangka ni Jesus na umiwas sa sakit at kamatayan, manapay hiningi Niya na mabigyan ng luwalhati ang Diyos.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Alin sa mga sumusunod na tanong ang maliwanag na sinasagot ng Ebanghelyo ni Juan? *(piliin lahat ng akma)*
    - **a. Sino si Jesus?**
    - **b. Ano ang pananampalataya?**
    - **c. Ano ang buhay?**
    - d. Kailan darating muli si Jesus?

6. Bakit hinugasan ni Jesus ang mga paa ng mga alagad?
    - a. Galing lang sila sa mahabang paglalakbay at sila ay marumi.
    - **b. Nais Niyang ipakita sa kanila ang Kanyang pagmamahal at maging halimbawa kung paano sila magmahalan sa isa’t-isa.**
    - c. Nais Niyang magtatag ng bagong rituwal upang sundin ng mga iglesia.
    - d. Walang sinoman nakakaalam—hindi ipinaliwanag ng Biblia ang kakaibang pangyayaring ito.

7. Anong “bagong utos” ang ibinigay ni Jesus sa mga alagad?
    a. Mahalin ang Diyos—bagamat naibigay na ang utos na ito isang daan na ang nakalipas
    b. Mahalin ang kanilang pamilya at mga kaibigan—tulad ng ginagawa ng iba sa mundo
    c. Magmahalan sa bawat isa—bagama’t magkakaiba sila at hindi sila likas na magkakaibigan
    d. Magkaroon ng paglalakbay sa Jerusalem taon-taon

8. Alin sa mga sumusunod na katibayan ng isang alagad ang ibinigay sa atin ni Jesus sa kabanatang 8, 13, at 15 sa Ebanghelyo ni Juan? (*piliin lahat ng akma)*
    a. Nagpapatuloy sa Kanyang Salita
    b. Pagbibigay lahat ng pag-aari sa mga mahihirap
    c. Pag-abot ng mas mataas na kamalayan
    d. Pagmamahal sa bawat isa
    e. Pagsunod na perpekto sa mga kautusan ng Diyos
    f. Pagkakaroon ng Kanyang bunga

9. Ayon kay Jesus, paano natin makikita ang Diyos Ama?
    a. Sa pamamagitan lamang ng kamatayan at pagdating sa langit
    b. Sa pamamagitan lamang ng pagaayuno at panalangin
    c. Sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng kaliwanagan
    d. Sa pamamagitan ng pagtingin sa buhay at ministeryo ni Jesus

10. Ano ang dapat nating gawin upang ang gawain ng Diyos ay mangyari sa pamamagitan natin?
    a. Magayuno at manalangin sa loob ng 40 araw
    b. Sa pananampalataya Makipagisa kay Jesus at sa Kanyang Espiritu
    c. Huwag magakasala tulad ni Jesus
    d. Magsikap ng lubos na lubos

11. Bakit dapat maging mabunga ang mga tagasunod ni Jesus? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Dahil natanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng ating bunga
    b. Dahil walang sinoman ang walang bungang alagad
    c. Upang ipakita sa mundo ang mga tunay na alagad Niya
    d. Upang maluwalhati ang Diyos
    e. Upang patunayan na mahal tayo ng Diyos higit sa ibang mga tao
    f. Upang magkaroon ng tunay na kagalakan
    g. Dahil pinili Niya ang mga alagad upang maging mabunga
    h. Dahil siya ang puno ng ubas at ang mga alagad ang mga sanga, ang mga sanga ay namumunga kapag nakakabit sila sa puno ng ubas.

12. Ano ang nagagawa ng pagiging mabunga sa buhay natin? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Nagbibigay ng pakiramdam na mas mataas tayo sa iba.
    b. Nagdudulot ng katuwaan.
    c. Nagpapakita na tayo ay mga alagad ni Jesus.
    d. Naging kampante tayo at tumigil sa paggawa.

Sa paanong paraan ipinakita ni Jesus ang mensahe ng pagmamahal Niya sa iyo? Sa paanong paraan mo maipapakita ang mensahe ng Kanyang pagmamahal sa ibang tao? Ano ang magagawa mo upang "hugasan ang mga paa" ng iba?

_____

_____

_____

_____

Ang Panginoon ba ay nagbibigay ng bunga sa buhay mo? Anong bunga ang nakikita ng iba sa buhay mo?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa pagmamahal na ipinakita sa atin, sa pangakong makakasama natin Siya sa walang hanggan, at sa Banal na Espiritu na pinadala Niya na magiging kasama natin at nasa atin. Hingin sa Kanya na lagi kang puspusin ng Banal na Espiritu, upang tulungan ka na maipakita ang Kanyang pagmamahal sa iba, at magdulot ng bunga sa iyong buhay. Hingin sa Diyos na tulungan ka na malaman mo ng malalim ang kapayapaan na nanggagaling sa kaalaman at pagsunod sa kanya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano natin magagamit ang mga sinabi ni Jesus sa mga apostol tungkol sa mas matalik na relasyon Niya sa kanila pagkatapos silang iwanan kaysa noong Siya ay kasama nila? (Isaalang-alang ang tanong ni Judas at ang sagot ni Jesus sa 14:22-23)

2. Paano natin maiiugnay at magagamit ang paliwanag ni Jesus sa ginawa Niyang paghuhugas sa mga paa ng mga apostol sa 13:12-15, sa Bagong Utos Niya sa kanila sa 13:34-35?

3. Base sa unang 16 na mga talata sa kabanatang 15, paano natin magagamit sa ating sarili ang anim na dahilan bakit sinabi ni Jesus sa mga apostol na dapat magkaroon sila ng mga bunga?

4. Paano natin magagamit sa ating sarili ang apat na magkakahiwalay na dimensyon ng Puno ng Ubas at mga sanga nang paglalarawan ni Jesus? (Ang Puno ng Ubas, mga sanga, ang bunga, at ang Taga-pangalaga ng Puno ng Ubas na pinuputol ang mga sanga)

5. Ano ang sarili mong gamit sa Juan 15:16 sa iyong buhay at ministeryo ni Cristo?

6. Ayon sa kabanatang 16, ano ang mga tungkulin at ginagawa ng Banal na Espiritu?

7. Ano ang dapat na gamit sa ating sarili sa Juan 17:4 (Isaalang-alang din ang Juan 4:34, 9:4, 19:30)